
# PAG-UNAWA SA ISLAM



IN TAGALOG (Philippines)

Supervised by

Ministry of Endowment and Islamic Affairs

Financed by

أوقاف AWQAF

Qatar Endowment Authority

*Sa Ngalan ng Allah, Ang Higit na Maawain,
Ang Higit na Mahabagin*

Sa Ngalan ng Allah, Ang Higit na Maawain, Ang Higit na Mahabagin

Ang pamahalaan ng Qatar ay nagbukas ng kaniyang pintuan para sa iba pang kultura at kabihasnan habang pinanatili nito ang pang–lokal na pagkakakilanlan. Fanar, ang Sentro ng Pang-Kulturang Islamiko sa Qatar ay isa sa mga pinakamahalagang pagkakakilanlan, dahil sa kanyang kahanga-hangang disenyo at papilipit na minaret na siyang naglalarawan sa liwanag at gabay para sa buong sankatauhan.

Ang tangkay na pinanggagalingan ng Kultura ng Qatar ay hango mula sa Kultura ng Islam, at sa pamamagitan ng aklat na ito, nais naming ipagkaloob sa inyo ang payak na batayan ng paniniwala hindi lamang ng bansang ito, at ganoon din, ang ilan sa pinakamalaking mga mamamayan ng daigdig. Layunin namin sa makabagong kaisipan natin ngayon, na pag-isipang mabuti ang tungkol sa tunay na kahulugan ng buhay at pagsikapan na linisin ang mga bagay na maling haka-haka sa panahon ngayon. Umaasa din kami na makapaglagay ng tulay sa mga iba't-ibang mga mamamayan sa loob ng Qatar at sa buong mundo. Sa pagkakaloob namin ng aklat na ito ay umaasa kami na ang hakbang na ito ay bilang pagsasagawa ng pagpapahayag at makapagbibigay ng inspirasyon para sa inyo na dalawin ang aming himpilang pang-kultura.

*Mabuhay kayong lahat*

Nais naming samantalahin ang pagkakataong ito na pasalamatan ang lahat ng nakibahagi na maisagawa ang serye ng Pag-Unawa sa Islam na nagawa bilang posters, polyeto at mga aklat. Ang lupon ng mga manunulat, mga nagsuri sa paglimbag, mga taga-disenyo at nagtatag nito ay upang mangyari ang iisang layunin, hanapin ang kaluguran ng kanilang Panginoon.

**Mohammed Ali Al-Ghamdi**
Pangkalahatang Direktor



FANAR … Isang Landas ng Buhay

# Mabuhay أهلاً وسهلاً

FANAR, ang Sentro ng Pang-Kulturang Islamiko sa Qatar, ay hindi Kapisanan ng pangangalakal bagkus nagtataguyod upang akayin ang lipunan na higit na madagdagan ang kaalaman tungkol sa Islam.

Ang salitang Fanar ay pang-lokal na salita ng mga taga-Qatar; na ang kahulugan ay Parola - isang ilawan sa itaasan ng mataas na tore, upang maging patnubay - liwanag na ginagamit upang maging gabay sa naglalakbay sa malawak na karagatan upang makabalik na ligtas sa dalampasigan. Ang pinaka-matanda at tanyag na ganitong uri na naitayong Parola ay nasa Alexandria, Bansang Egipto na unang naitayo sa pagitan noong 297 at 280 BC. Mula sa minanang mayamang kaugalian ng mga taga - Qatar ukol sa malawakang paglalayag, ang Parola ay isang namamalas na daan pabalik sa dalampasigan ng kaligtasan. Ang Fanar sa ngayon ay ginamit ang tumpak na metapora upang akayin ang isip na nangangailangan ng magpawalang - hanggan kapayapaan at kaginhawaan; isang ganap na landas ng buhay.

## ANG PANANAW NG FANAR

Nais naming pangunahan na maitatag ang matayog na pandaigdigang sentro, upang marating ang mundo at magsumikap na ipahayag ang Islam bilang natatangi sa landas ng buhay para sa sankatauhan.

## MISYON

- Naniniwala kami na ang Islam ay isang daan ng buhay at kaya nga nagsusumikap na ipamahagi ang aming pananaw sa lahat ng nilalang.
- Inaanyayahan namin ang bawat isa at mga komunidad batay sa kanilang pangangailangan at hangarin.
- Ginagawa namin ang lahat ng makakaya upang ipahayag ang pinagsasaluhang tunay na kahulugan at mataas na alituntuninng moral, habang nag-aanyaya sa tamang pagrespeto sa bawat-isa.
- Naniniwala kami na ang aming tagumpay ay galing sa inspirasyon ng aming malalim na pananampalataya sa Islam.
- Kami ay nakahanda na abutin ang mga tao sa ibang bansa upang makipag-ugnayan sa mga nais na makibahagi sa kabutihan at mataas na kaugalian.



## ANO ANG ISLAM?

Ang Islam ay ang pananampalataya sa Nag-iisang Maykapal, ito'y isinalin sa wikang Arabic na Allah. Siya ang Makapangyarihan sa lahat, Siya'y walang anyo o hugis na ating makikita.

Sa wikang Arabic, ang salitang Islam ay maraming kahulugan. Ito ay nagmula sa salitang ugat na س (seen), ل (laam) at م (meem), 'Salaam'. Mula sa mga titik na ito, ang kahulugan ng 'Islam' ay nagpapakita sa literal na kahulugan bilang "pagsunod, pagsuko, kapayapaan at kaligtasan. Salaam ay kabilang din sa katangian ng Allah.

Ang Muslim naman ay isang tao na isinusuko niya ang kaniyang sarili sa pagsamba sa Allah, kung gayon ito'y nagpapatunay na ang lahat na naniniwala sa orihinal na mensahe sa Kaisahan ng Maykapal ay mga Muslim; Kabilang dito ang lahat ng mga Propeta, magmula kay Adan, Noe, Moises, Jesus, hanggang kay Muhammad (Ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah ay sumakanila nawang lahat.)

Ang Islam ay dumating bilang kaawaan sa sankatauhan at kasama nito ang Kasulatan bilang gabay, ito'y tinatawag na Qur`an, ito ang salita ng Allah-na ipinahayag 1400 daang taon na ang nakaraan na walang pagbabago sa pasimula pa lamang. Ang Kasulatang ito kasama ang mga aral ng kahuli-hulihang Propeta na si Muhammad, ay ipinakita niya sa sankatauhan kung papaano gawin ang tamang kaugalian ayon sa iniatas ng Tagapaglikha para sa lahat ng aspeto ng buhay, kabilang ang pang-materyal at esperituwal.

# ANG PAGLIKHA

Hindi ba likas na kalagayan ng bawat tao na tumingin sa kalangitan kapag siya ay nangangailangan at sirang-sira ?Kapag may isang nawala sa kaniya upang tumawag sa Panginoon, at kapag siya ay nasa kapighatian na kaniyang ititingin ang kaniyang mga mata upang humingi ng tulong sa isang makapangyarihan, ito'y lubos na katutubong kalikasan ng buong sankatauhan

Sa bawat nilalang na tao ay nasa loob niya ang isang naturalisang pagkakahilig na magtanong ng isang katanungan tungkol sa layunin ng buhay; ano ang ginagawa natin dito? Ano ang layunin ng ating buhay? Mayroon bang Tagapaglikha o kaya'y lumitaw ba ang lahat ng ito sa pamamagitan lamang ng di inaasang pagkakataon? Hanggang ang mga katanungang ito ay hindi nasasagot, ang kaluluwa ng isang tao ay hindi nakakadarama ng kapayapan at ang buhay ay maaaring maging walang kabuluhan at walang kahulugan ang pagsusumikap.

Ang Qur`an ay nag-aanyaya sa tao na lakbayin ang kalupaan, magsagawa ng kaniyang sariling pagmamasid at mag-isip na mabuti kung papaano ang mga bagay na ito lumitaw.

*"Sahibihn mo (O Muhammad), "Lakbayin mo ang kalupaan at pagmasdan mo kung papaano Siya nagpasimulang lumikha. Kaya nga, ang Allah ay lilikha ng kaniyang kahuli-hilihang nilalang (ito'y ang patuloy na paglago). Katotohanan ang Allah, ay higit sa lahat ng bagay, ang Makapangyarihan."* (Qur`an 29:20)





# Ang Pag-Likha sa Buong Sanlibutan

Sa pamamagitan lamang ng mabuting pag-iisip sa napakalawak at napakagandang mga nilikha na nakapaligid sa atin, ang bawat tao na nilalang ay maaaring umupo lamang at magnilay-nilay sa daigdig na nakapaligid sa kaniya, ay darating ang isang pagpapasiya na may isang matalinong gumawa, isang Manlilikha nitong kahanga-hangang sanlibutan.

Kapag nabasa mo ang naka-paskil na ito, pagmasdan mo ang bulwagang ito, pagmasdan ang gusaling ito, maaaring humanga ka sa mga desinyo. Maari mong isipin ang tungkol sa panahon na ginugol ng bawat tao upang maingat na pinili ang bawat titik nito, pagpili sa mga kulay, pagpili at paglalagay ng bawat labrilyo upang mapahanga ka rito - sinuman sa inyo na mga panauhin.

Ano ito para sa INYO, kayo po na bumabasa nito? Ano naman kaya ang mga ginawa ninyong desinyo? Ang masalimuot na bahagi sa loob ng inyong katawan, ang ginagawa ng inyong mga mata upang makita ang magandang nakapaskil na ito, ang inyong puso na sabik na basahin ang bawat salita nito, ang utak na ginagamit mo sa pag-iisip; na higit na mabilis at mas malakas kaysa sa kumpyuter ngayon na gawa ng tao. Sino ang nag-desinyo nito?

Ano naman kaya ang lupa na iyong kinatatayuan, bawat batas ng biyolohiya, kimika, at panggagamot, mula sa napakahalagang kalakasan katulad ng grabidad at magnitismong pang-elektrisidad, sa kaanyuan ng mga atomo at bawat elemento ay tumpak na nagkakalakip-lakip na mabuo upang mangyari na magkaroon ng buhay?

Tignan mo ang daigdig na nasa loob ng sistema ng araw, ang buhay ay hindi mapapangalagaan kung ang pag-ikot ng Daigdig ay hindi wasto. Ang sistema ng araw ay isa lamang sa napakaraming mga sistema nito. Ang ating galaksiya, ang pulutong ng bituin ay isa lamang sa 100 milyong galaksiya sa sansinukob. Silang lahat ay nasa pagkakasunod-sunod at lahat ay wasto sa kalagayan. Sa halip na nagkakasalungatan sa bawat isa, sila ay nakalutang ayon sa kanilang ginagalawan na ito'y itinakda para sa kanila. Maaari bang magawa ng tao ito na tumpak ang ginagalawan at maaari ba na ang tao ay magagawa niya ito sa wastong katumpakan? Maaari bang mangyari ito sa pamamagitan ng wastong pagkakataon, ang isang malaking pagsambulat nang walang tagapag-desinyo?

*"Hindi ba nauunawaan ng mga hindi naniniwala na ang mga kalangitan at ang kalupaan ay iisa na magkakasama; At Aming pinaghiwalay-hiwalay sila at nilikha mula sa tubig ang bawat may buhay? Kung gayon, hindi ba sila naniniwal?"*

*"Katotohanan, sa paglikha ng mga kalangitan at ng daigdig at ang pagpapalit-palit ng kadiliman at ng liwanag ay mga tanda para sa kanila na nakauunawa."* (Qur`an 3:190)

*"At ginawa Niya para sa inyo ang gabi at umaga at ang araw at ang buwan, at ang mga bituin ay nagpapasailalim sa Kanyang* kautusan. Katotohanan, ito ang mga tanda para sa mga tao na may wastong kaisipan." (Qur`an 16:12)



## ANG PAGLIKHA SA SANKATAUHAN

Kapag tinanggap na natin na mayroon isang tagapaglikha sa lahat ng bagay na ito, kinakailangan nating hanapin ang kasagutan ng ating pag-iral. Ang Qur`an ay nagpapaliwanag tungkol sa paglikha ng tao sa mga sumusunod na mga talata:

*"O Sankatauhan, matakot kayo sa inyong Panginoon, Siya ang lumikha sa inyo mula sa iisang kaluluwa at mula dito ay lumikha ng kaniyang kasama at kumalat mula sa kanila ang lahat ng mga kalalakihan at kababaihan. At matakot sa Allah, na sa Kaniya ay humihiling ang bawat isa sa inyo , at ang iba't-ibang magkakalahi. Katotohanan, ang Allah ay magpakailan man, na nasa inyo, ang isang Nagmamasid."* (Qur`an 4:1)

*Kung ikaw ay makakatanggap ng isang kaloob, kahit na walang anomang dahilan, isang pangkaraniwang maiinom, o kaya'y aklat, Tinitiyak ko gagawin mo ang magpasalamat. Katiyakan ang tagapaglikha ang nagbigay sa iyo ng mata, puso at ng mga baga' ay kinakailangan pasalamatan, kilalanin at papurihan. Ang Allah ay winika sa atin na ito ang layunin ng ating buhay; kilalanin, sambahin at sundin Siya.*

*" Hindi ko nilikha ang jinn at ang sankatauhan maliban na Ako'y sambahin (nila) "* (Qur`an 51:56)

Sa pamamagitan ng ating pagkilala sa Kaniya sa lahat ng ating mga ginagawa, pasalamatan natin Siya sa pagkain na Kaniyang ipinagkaloob, ang inumin upang malunasan ang uhaw, ang mga damit na ating isinusuot; ang lahat ng bagay ay kinakailangan magkaroon pasasalamat para sa Kaniya.

Kapag pumunta naman tayo sa paglikha ng tao, ito'y napakaliwanag mula pa sa pasimula nang likhain ng Allah ang tao, hindi ito walang kabuluhan, na nilikha ang tao bilang katiwala ng Maykapal sa ibabaw ng lupa. Ang tao ay pinagkatiwalaan na linangin ito, panatilihin at pamahalaan ang daigdig ayon sa maka-diyos na patnubay na kaagapay ang katarungan sa lahat na umiiral.

*"At (banggitin mo, O Muhammad), Nang wikain ng iyong Panginoon sa mga angels, " Katotohanan, Maglalagay Ako sa lupa ng magpapatuloy na mangangalaga nito."* (Qur`an 2:30)

At gayon din, nang nilikha ang sankatauhan ay makikita ang ilan sa maka-diyos na katangian ng pagkamaawain, mapagpatawad, at kabutihan .

## MAY BUHAY BA PAGKATAPOS NG KAMATAYAN?

Ang mga Muslim ay naniniwala na sa buhay na ito ay isang pansamantalang himpilan, isang paghahanda para sa buhay na walang hanggan sa kabilang buhay. Ang Buhay sa daigdig na ito ay hindi ang hangganan. Ang kamatayan ay hindi ang katapusan datapwat pagpapalit ng bagong daigdig, isang hakbang tungo sa kabilang buhay; walang hanggang tahanan sa kalangitan o kaya'y kaparusahan sa impierno. Bubuhaying muli ng Allah ang lahat sa Araw ng Paghuhukom at ang sankatauhan ay magsusulit sa kanilang mga ginawa ayon sa kanilang karangalan batay sa pagpapasiya at malayang kaisiapan. Ang sankatauhan ay pinagkalooban ng pumili na sundin ang banal na alituntunin at anihin nito ang walang hanggang gantimpala sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Ang paniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan sa Islam ay isa sa haligi ng pananampalataya.

*"Ang bawat kaluluwa ay makararanas ng kamatayan, at ikaw ay makatatanggap lamang (ng lubos) na kabayaran sa Araw ng Pagkabuhay na Maguli. Kaya nga, sinuman na lumayo sa Apoy at makapasok sa Paraiso ay makakamit ang (kaniyang ninais). At ano ang buhay sa daigdig na ito, kundi ang magpakaligaya sa kahibangan."* (Qur`an 3:185)

# ANG KAISAHAN NG ALLAH

*Ang pinaka-patibayan ng Islam ay ang paniniwala sa iisang Maykapal. Ang Allah ay hindi isinilang at kailanman ay hindi mamamatay sapagkat ito ay tuwirang sumasalungat na ang Manlilkha ay nilikha niya ang kaniyang sarili. Ang Allah ay hindi katulad ng anomang bagay na nasa isip natin, ang ating paningin at pag-iisip na kayang ilarawan tulad ng paliwanag sa atin sa mga sumusunod na kapitulo ng Qur`an :*

*"Sabihin mo, 'Siya ang Allah, (Siya ay) Nag-iisa. Ang Allah, ang Tanging Magpawalang Hangggang Kanlungan, Siya ay hindi nagkakaanak, o kaya'y ipinanganak, at walang makakapantay sa Kaniya."* (Qur`an 112:1-4)

*Hindi makatuwiran na ang sinuman ay magpatirapa sa anomang bagay na sariling likhang kamay. Sa pasimula ng panahon, ang kauna-unahang kasalanan ay ang paglalagay ng katambal sa Allah, sa pamamagitan ng paglikha ng mga imahen upang sambahin, at sinasabi na ito ang Allah, o isang anak ng Allah, o kaya'y tagapamagitan sa Allah.*

*"Katotohanan, hindi patatawarin ng Allah ang sinuman na maglalagay ng Kaniyang kasama, datapwat pinapatawad Niya ang anoman maliban doon, sa sinuman nais Niya. At sa kaniya na naglalagay ng iba pa maliban sa Allah ay katiyakan siya ay nakagawa ng isang napakalaking kasalanan."* (Qur`an 4:48)

*Napakahalaga sa paniniwala ng Islam na ang Allah ay walang anak o kaya'y mga tagapamagitan. Siya ay nagsugo ng mga propeta upang gabayan lamang ang sankatauhan, at sila ay pawang mga tao lamang. Ang Allah ay nagpatnubay sa atin na manalangin na diretso sa Kanya, na hindi nangangailangan ng matataas na pinuno ng relihiyon. Ang manalangin kaninuman, tulad halimbawa sa pari o kaya'y sa isang santo upang humingi ng tulong o kaya'y suporta ay taliwas sa Islam. Sa halip, ang panalangin at pagsamo ay isang lubos na pansariling bagay sa pagitan ng isang mananampalataya at ng kaniyang Panginoon, Siya ang Allah.*

*"O kaya'y magagawa ba niya na utusan ka na gawin ang mga angel at propeta bilang Panginoon. Magagawa ba Niya na utusan ka na hindi sumampalataya pagkatapos mo na maging Muslim?* (Qur`an 3:80)





# ANG KATANGIAN NG ALLAH

Ang sumamba sa bagay na ginawa ng sariling kamay o kaya'y sumamba sa katulad ng isang taong nilalang ay hindi magdadala ng kapayapaan sa kaluluwa ng tao, ngunit ang pangangailangan na sumamba o magbigay paggalang ay nasa ilalim ng kalooban ng bawat tao. Sa Islam, pinili natin na sambahin ang nag-iisang Maykapal, ang Allah at ang Kanyang karungungan ay pinili Niya na ipagbigay alam sa atin ang ilan sa Kaniyang mga pangalan at katangian, kaya nga upang maunawaan natin Siya nang lubusan. Narito ang ilan sa mga halimbawa ng Kaniyang mga katangian:

*Ang Allah ay ang Lumikha sa lahat, Ang Tagapag-alalay ng lahat ng Kaniyang nilikha, Ang Lubos na Nakakarinig, Ang Nakakakita sa lahat at Lubos na Nakakaalam sa lahat. Ang Kaniyang kaalaman ay Ganap, kabilang dito ang mga nakalipas, kasalukuyan, ang mga darating, maging ito man ay nakatago o hindi nakatago; Siya ang Lubos na Maawain, Lubos na Mahabagin ang Lubos na Mabait. Siya ay Umiiral sa Kaniyang sarili at Ang Nabubuhay na walang Hanggan sa Kanyang sarili, hindi nangangailangang matulog o kaya'y nangangailangang magpahinga. Siya ay walang Katambal, mga anak o magulang at ang lahat na sumasamba sa Kaniya ay dapat na ilaan sa Kanya lamang. Siya ang Taga-Hugis ng Kagandahan, ang Lumikha ng Kabutihan at Siya ang Ilaw at Ang Tagapagpatnubay.*

*"Siya ang Allah, wala ng iba pang Maykapal na karapat-dapat sambahin maliban sa Kaniya, Ang Pinakamataas, Ang Lubos na Dalisay, ang Kalubusan, ang Nagkakaloob ng Pananampalataya, ang Tagapangasiwa, Ang Marangal sa Kapangyarihan, ang Higit na Malakas, Ang Lubos na Mataas. Higit na dakila ang Allah kaysa sa anumang nais na itambal sa Kaniya. Siya ang Tanging Allah, ang Tagapaglikha, Ang Manlilikha. Ang Tagapag-anyo, Sa Kanya nauukol ang pinakamabuting pangalan. Anoman ang nasa mga kalangitan at kalupaan ay nagpapatunay ng Kadakilaan Niya. At Siya ay Dakila sa Kapangyarihan, ang Higit na Maalam."* (Qur`an 59:23-24)

## AR-RAZZAAQ (Ang Tanging Nagkakaloob)

*"Sabihin mo: Halina na kayo, aking sasambitin kung ano ang ipinagbabawal sa inyo ng inyong Panginoon. [Ipinag-utos niya] na kayo ay huwag maglalagay ng anuman bilang katambal na kasama Niya, at maging masunurin sa mga magulang at mabuting pakikitungo, at huwag ninyong papatayin ang inyong mga anak dahilan sa kahirapan; Kami ang Magkakaloob sa inyo at sa kanila…"* (Qur`an 6:151)

## AL-GHAFOOR (Ang Mapagpatawad)

*"Ngunit katotohanan, Ako ang Laging Nagpapatawad sa sinumang nais magsisi at maniwala, gumaganap ng kabutihan at patuloy na nagbibigay patnubay."*(Qur`an 20:82)

## AL-QAYYUM (Ang Tagapag-alaga ng Buhay)

*"Ang Allah - walang ibang dapat na sasambahin maliban sa Kanya, Ang Walang Hanggang Nabubuhay, ang Tagapag-alaga sa lahat ng nilalang."*(Qur`an 3:2)





## ANG LIMANG HALIGI

Katulad ng mga haligi na nagpapatatag sa isang gusali ay napakahalaga sa kayarian nito at pagiging matibay, ganito rin ang limang haligi ng Islam na napakahalaga sa bawat Muslim. Ito'y nagbibigay sa panlabas na katibayan sa katatagan ng pananampalataya ng isang tao at nagpapatibay sa samahan ng mga Muslims tungo sa pangkapatiran. Ang Unang Haligi ay ang Pagpapahayag ng pananampalataya (Shahadah), ang ikalawa ay ang Pagdarasal (Salah), ang Ikatlo ay ang Tungkulin sa Pagbibigay ng kaloob (Zakah), Ang ika-apat ay ang Pag-aayno (Saum) at ang ika-Lima ay ang Pagsasagawa ng Paglalakbay sa banal na pook (Hajj).

## ANG PAGPAPAHAYAG NG PANANAMPALATAYA (SHAHADA)



*Ito ang higit na mahalaga sa haligi ng pananampalataya na kailangang ipamalas ang pagpapahayag; "Walang ibang dapat na sasambahin maliban ang Allah at si Muhammad ay ang kahuli-hulihang sugo ng Allah."*

Ito ang kasunduan sa pagitan mo at ng Allah, na nagpapatunay na tinatanggap mo ang paniniwala sa nag-iisang Maykapal-Ang Allah, at si Muhammad ay isinugo bilang Kaniyang kahuli-hulihang sugo at propeta. Ang bunga nito ay magiging bahagi ka na ng kumunidad ng mga Muslim, na nariyan upang tulungan at magtaguyod sa iyo upang makamtan mo ang iyong mithiin at layunin sa buhay.

## PAGDARASAL (SALAH)



Ang kaugnayan sa pagitan ng isang Muslim at Allah ay napakahalaga, at ito'y ginagawa ng higit na kakaiba sa pamamagitan ng pagdarasal na deretso sa Kanya, na wala ng iba pang dapat daanan o tagapamagitan.

Tayo ay inatasan na magdasal limang ulit sa isang araw, paramihin ang ating pagunita sa Allah, panatilihin ang ating daan sa kabutihan, at alisin ang mga kasalanan.

*"At patatagin ang pagdarasal at magbigay ng Zakah, at anumang kabutihan na inyong isinasagawa ay matatagpuan ninyo ito sa Allah. Katotohanan, ang Allah, anoman ang inyong ginawa, ay Kaniyang nakikita."* (Qur`an 2:110)

## **ANG TUNGKULIN SA KAWANGGAWA** (ZAKAH)



**Katulad din kung paano natin inaalagaan ang ating sarili, Sinabi ng Allah sa atin na tignan din natin ang mahihirap kaysa sa ating sarili.**

**Ang salitang Zakah ay nagmula sa kahulugan ng "paglilinis" at "paglago". Ang isang mananampalataya ay tumutulong sa iba sa pamamagitan ng pagbibigay ng bahagi sa kaniyang kayamanan sa mga kapus-palad minsan sa loob ng isang taon. Ito ay itinalaga sa halagang 2.5% sa kayamanan ng bawat isa. Ito ay ipinagkakalob sa mga mahihirap, ulila, at mga naglalakbay. Ito ay kakaiba sa pangkaraniwang kawanggawa na ibinibigay natin batay sa sariling kagustuhan. Sa Islam ang kayamanan ay pag-aari ng Allah, at ang tao ay itinuturing na katiwala, kaya nga dapat nila itong gamitin para sa kapakinabangan ng mamamayan.**

*"At silay hindi inatasan maliban na sambahin lamang ang Allah, (maging) matapat sa Kaniyang relihiyon, panghawakan ang katotohanan at patatagin ang pagdarasal at magbigay ng Zakah. ganito ang dalisay na relihiyon."* (Qur`an 98:5)

## **ANG PAG-AAYUNO** (SAUM)




**Sa bawat taon sa buwan ng Ramadan (ang ika-siyam na buwan sa isang taon), lahat ng Muslim ay nag-aayuno mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito, umiiwas mula sa pagkain, inumin at pakikipagtalik sa asawa na may malinaw na layunin sa pagganap nito para sa kaluguran ng Allah.**

*"Ang buwan ng Ramadan (sa panahon na ito) ay ipinahayag ang Qur`an, isang patnubay para sa mga tao at maliwanag na patunay sa patnubay at batayan. Kaya nga, sinuman ang makakita [ng bagong] buwan, mag-ayuno siya ; at sinuman na may karamdaman o kaya'y naglalakbay-magkagayon (ipagpaliban ito ngunit kailangan bayaran) katumbas ng bilang (na hindi nakapag-ayuno) gawin ito sa ibang araw. Nais ng Allah para sa inyo ang kaluwagan at hindi ninais para sa inyo ang mahirapan at kagustuhan niya para sa inyo na tapusin ang panahon [ng pag-aayuno] at upang luwalhatiin ang Allah dahil Siya ang nagpatnubay sa inyo; at ikaw ay magpasalamat."* (Qur`an 2:185)



## **ANG PAGLALAKBAY SA BANAL NA POOK** (HAJJ)



**Kung ang isang Muslim ay may kakayahang tustusan ito, malusog at walang pinagkakautangan na kaniyang dapat pagbayaran, ang paglalakbay sa Banal na dako sa Makkah ay ipinag-uutos ng Allah sa kanya. Ito ay paglalakbay din patungo sa Ka'ba; ang sumasagisag sa tahanan na unang itinayo ni Adan.**

**Ang Paglalakbay sa Banal na Dako ay panahon na ang mga Muslims mula sa iba't-ibang panig ng mundo na iba't-ibang ang lahi, kulay at mga wika ay nagtitipon-tipon sa diwa pangkalahatang pagkakapatiran upang sambahin ang Nag-iisang Dios na sama-sama. Ang mga kalalakihan ay suot lamang ang dalawang puting piraso ng tela, ito'y nagtataguyod sa kanila bilang iisang lahi na walang antas ng kalagayan at pagkakaiba.Ang Mayaman, ang mahirap, ang maitim at ang maputi ay nagkakasama-sama ang bawat isa, pantay-pantay sa harapan ng Allah maliban sa kanilang mga mabubuting gawa.**

**Ang pagdiriwang ng Hajj at ng Eid Al-Adha ay isang paggunita para doon sa mga nangangailangan, at isang araw na pagsamba para sa Allah. Ang karne na inialalay ay ipinamamahagi sa mga nangangailangan, at pinaparami ang pagdarasal.**

*Ang Hajj ay isang bantog na Buwan, kaya kung sinuman na itinuring na ang Hajj ay karapat-dapat na sa kanya, na sa panahon [ng pagsusuot ng Ihram], ay may itinakda [para sa kanya] na hindi dapat magkaroon ng pakikipagtalik at gagawa ng paglabag at hindi dapat makipagtalo sa panahon ng hajj. At sa anumang mabubuting gawa na inyong ginampanan-Allah ang tanging nakakaalam. At magdala ng iyong panustos, datapwat katotohanan, ang pinakamainam na baon ay ang banal na takot sa Allah. At matakot sa Akin, O kayo na may pang-unawa."* (Qur`an 2:197)

# BUOD NG LAHI NA PINAGMULAN NG MGA PROPETA







# Ang Layunin ng mga Sugo

**Makatuwiran ba na lumikha ng isang bagay, at pagkatapos ay hayaang gumalaw ito na walang anumang alituntunin at kautusan at sa huling bahagi ay ipatatawag para sa pagsusulit at parurusahan dahilan sa paglabag sa mga ipinag-uutos?**

Nilikha ang tao na may angkin kakayanan na mag-isip at kalayaan sa sarili na pumili, para sa Allah at sa Kanyang Walang Hanggan Katalinuhan ay nagpasiya na magpadala ng mga Propeta at mga Sugo upang maging gabay sa sankatauhan. Ang bawat Propeta ay ipinadala sa kani-kanilang kababayan upang paalalahanan sila na kinakailangan sumamba lamang sa isang Maykapal, at lumayo sa paglalagay ng katambal sa Kanya. Sila'y hindi mga diyos, mga anak o kahati sa pagka-diyos, datapwat sila ang pinakamabuti sa lahat ng sankatauhan, pinili sila dahil sa angkin kabaitan, magandang asal, tahimik at may kaalaman sa Allah.

Ang Allah ay nagsugo noon pa man ng sunod-sunod na Propeta mula sa unang araw pa lamang ng sankatauhan, nagmula sa Propetang si Adan (ang ninuno ng lahat ng sankatauhan) - at ito'y natapos na sa panahon ng Propetang si Muhammad, ang kahuli-hulihang Propeta (Ang kapayapaan ay sumakanya) Sa kahabaan ng pagkakasunod-sunod ay kabilang ang mga Propeta sa mga anak ni Israel at ang limang dakilang mga Sugo na dumating dala-dala ang pinakamahalagang aral. Ito'y si Noe, Abraham, Moises, Jesus at Muhammad (Ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah ay sumakanila nawang lahat).

*Ang mga Propeta ay pinuno ng sankatauhan na nakakaalam kung papaano sasambahin ang nag-iisang Maykapal. Alam nila ang tungkol sa kabilang buhay, tungkol sa mabuting asal at karapatan ng tao at gayon din pinapatnubayan nila ang kanilang mga kababayan. Ang Banal na Qur'an ay nagpahayag sa atin na ang bawat Sugo ay nagsabi sa kanilang mga kababayan:*

*"O aking mga kababayan, sambahin ang Allah; Wala kayong ibang dios maliban sa Kanya lamang…"* (Qur`an 7:59)

*"Katotohanan, ipinagutos ng Allah ang katarungan at mabuting ugali, at magbigay sa mga kamag-anak at ipagbawal ang kahalayan at ang masamang ugali at pang-aapi. Ipinauunawa Niya sa inyo na mabuti na kayo ay paalalahanan."* (Qur`an 16:90)

Si Muhammad ay ang kahuli-hulihan sa mga sugong ito, na nagdala ng mensahe ng Allah para sa buong sankatauhan mula sa unang araw ng kapahayagan hanggang sa huling araw ng pag-iral natin. Dahil dito, nakita natin na ang mga Muslim mula sa iba't-ibang bahagi ng mundo, ang lahat ng kulay at lahi, ay tinatanggap at iginagalang ang lahat ng mga Propeta ng Allah, na silang lahat ay iisa ang paraan ng pagsamba sa nag-iisang Maykapal.

Si Propeta

# Noe

Ang Ikalawang Ama ng sankatauhan



Ang Banal na aklat ng Judaismo, Cristianismo at Islam ay nagpapahayag pare-pareho tungkol sa Propetang si Noe at ang tungkol sa malaking baha. Ang Qur`an ay nagpahayag sa atin na siya ay isang sugo na nabuhay sa loob ng 950 taon. Iniukol niya ang kaniyang buong buhay sa pangangaral sa kaniyang mga kababayan ang paniniwala sa Nag-iisang Maykapal, at iwanan ang pagsamba sa mga larawan at imahen at maging maawain sa mahihina at nangangailangan. Ipinangaral niya sa kanila ang tungkol sa tanda ng Kapangyarihan at Kaawaan ng Maykapal at binigyan ng babala tungkol sa darating na kaparusahan sa araw ng Paghuhukom, datapwat silang lahat ay matitigas ang ulo at hindi pinakinggan ang mga babala. Pinarusahan sila ng Allah ng matinding baha at iniligtas lamang ang mga naniniwala na sumunod sa Propeta.

May isang kapitulo sa Banal na Qur`an tungkol sa Propetang si Noe. Ang kaniyang kasaysayan ay isa-isang isinalaysay sa isang mahabang kapitulo ng Qur`an (HUD 11), ang pagkakasalaysay nito ay sunod-sunod tungkol sa baha at ang arko kabilang dito ang mga paksa na;

• Pinagsabihan niya sila na maglingkod sa Allah at tuparin ang kanilang tungkulin sa Kanya, upang mapatawad ang kanilang mga kasalanan.

• Pinangaralan niya sila araw at gabi, datapwat kanilang tinakpan ang kanilang tainga ng kanilang darili at ipinilit ang kanilang pagtanggi.

• Pinagsabihan niya sila na humingi ng patawad sa Mapagpatawad na Panginoon at tutulungan Niya sila sa kabuhayan at mga anak, at pagkakalooban sila ng harden at ilog at isang magandang buhay.

• Sinabi ng Allah ang Makapangyarihan sa lahat kay Noe, na walang sinuman sa mga ito ang maniniwala maliban sa mga naniwala na, kaya, gumawa ng arko na sinubaybayan at pinatnubayan Niya. Habang ang kaniyang kababayan ay napadaan sa kaniya, kanilang kinutya siya.

• Nang kaniyang matapos ang arko, inutusan ng Allah si Noe na isakay sa loob nito ang dala-dalawa sa bawat uri ng hayop, isang magkapares (lalaki at babae), ang kanyang buong sambahayan, at ang mga naniwala.


• At ganito ang ipinahayag: O lupa! Tanggapin mo ang iyong tubig at O kalangitan! pawiin mo ang mga ulap! At ang tubig ay humupa. At ang kautusan ay natupad. At ang arko ay humimpil sa (bundok) ng Al-Judi kasama si Noe at ang mga naniniwala, ang sankatauhan ay binigyan pa ng isang pagkakataon para sa bagong pasimula.



Si Propeta

# Abraham

Ama ng mga Propeta



Ang Propetang si Abraham ay isa sa pinakamatalinong katauhan sa larangan ng kasaysayan ng relihiyon, asal, pamumuhay sa lipunan at pagiging ama.

Tunay na siya ang Ama ng mga Propeta sapagkat ang Allah na Makapangyarihan sa lahat ay pinili ang maraming propeta mula sa kaniyang mga anak katulad ni Isaac, Jacob, David at ang kanilang mga anak. Kasama dito si Ishmael ang ninuno ng huling Sugo na si Muhammad, ang Kapayapaan at Pagpapala ng Allah ay sumakanila.

May isang mahabang kapitulo sa Qur`an ito'y tungkol sa Propetang si Abraham. Ang kaniyang talambuhay at maluwalhating mga ginawa ay binanggit sa iba't-ibang panig ng Qur`an.

Si Abraham ay nag-iisip tungkol sa Kaisahan ng Manlilikha mula pa sa kaniyang kabataan. Siya ay nakihalubilo at nakipagtalo na matindi sa mga monghe sa kaniyang kapanahunan, at pinawalang saysay ang kanilang kaugalian sa pagsamba sa mga imahen, bituin at apoy.

Sinabi niya sa kanila na ang mga imaheng ito ay walang saysay o kaya'y hindi karapat-dapat na sambahin, kaya pinagtangkaan nila siya na kanilang sunuging buhay. Iniligtas siya ng Allah at pinili siyang na maging isang Propeta.

Siya ay isang Propeta, huwarang Ama at anak. Narito ang ilang sulyap tungkol sa kaniyang buhay na binaggit sa Qur`an

• *Si Abraham ang pinakamasunuring anak sa kanyang Ama na hindi mananampalataya, siya'y matulungin, at mapagtimpi.* (Qur`an 19:42-47)

• *Ipinakita sa kanya ng Allah ang kaharian sa mga kalangitan at ang lupa na tiyak niyang makakamtan."* (Qur`an 6:75)

• Siya ay nakipagtalo sa kaniyang mga kababayan tungkol sa hidwang dios-diosan sa kalawakan at ipinahayag na hindi nya maaaring sambahin iyon sapagkat sila'y hindi karapat-dapat. (Qur`an 6:76-79)

• Ang Allah na Makapangyarihan ay binanggit siya sa Qur`an na isang hinirang: *"At binanggit sa Kasulatan (ang kasaysayan ni) Abraham. Katotohanan, siya ay isang makatotohanang nilalang at isang Propeta."* (Qur`an 19:41)

• *Pinagkalooban siya ng Allah ng katalinuhan at kakayahan na pukawin ang iba "at yaon ang Aming (kapani-paniwalang) katwiran na ipinagkaloob Namin kay Abraham laban sa kaniyang mga kababayan. Itinataas Namin ang antas sa naisin Namin. Katotohanan, ang iyong Panginoon ay Matalino at Nakakaalam."* (Qur`an 6:83)

Si Propeta

# Moises

(Tinaguriang Kalimullah)



Ang Propeta na si Moises ay isa sa Pangunahing Propeta at pinuno na nagpalaya sa mga anak ni Israel mula sa pang-aalipin ni Parao; hindi lamang kinikilala sa Judaismo at Cristianismo, bagkus gayon din sa Islam. Mayroong impormasyon tungkol kay Propeta Moises na nasa Qur`an at gayon din sa Luma at Bagong Tipan.

Ang Propetang si Moises ay palagiang binabanggit ng higit kaysa sa lahat ng mga Propeta sa Qur`an; May 136 na ulit na binanggit siya sa tatlumpu at apat na kapitulo nito at siya ay binanggit din sa tunay na kawikaan ng Propetang si Muhammad.

Ang pagkapanganak kay Moises at ang kaniyang pagpasok sa palasyo ni Parao, ang kaniyang paglalakbay sa Madian, pagkapili sa kanya bilang Propeta, inutusang pumunta kay Parao upang iligtas ang mga anak ni Israel, nakipagtungali kay Parao at ang paglikas ng mga anak ni Israel mula sa Egipto, ang pahayag ng banal na kautusan sa Bundok ng Sinai, mga pangyayari sa desyerto at ang kaniyang pamumuno sa mga anak ni Israel ay lahat na tinalakay sa Qur`an.

Sa loob ng Qur`an, ay nabanggit na si Moises ay higit na pinili sa lahat ng tao na binigyan ng pagtitiwala ng Allah sa kaniyang layunin. Ang mga salita ng Allah na ipinahayag sa kaniya (Qur`an 7:143) , na sa katotohanan ay nababalutan siya ng damit ng pag-ibig mula sa Allah, at gayon din siya'y sinusubaybayan sa pamamagitan ng paningin ng Allah (Qur`an 20:41)

Sa loob ng Qur`an, si Moises ay ipinakikilala bilang isang Propeta na nangaral ng mabuting balita tungkol sa pagdating ng Propeta na si Muhammad; Ang Qur'an ay nagpahayag din sa atin na ang pagdating ng isang Propeta na di marunong magbasa at sumulat ay binanggit sa Lumang Tipan (Qur`an 7:157)

Sa kaugalian ng Islam si Moises ay tinatawag na Kalimullah (Ang Panginoon ay nakipag-usap sa kaniya), sapagkat ang Allah ay nakipag-usap sa kanya at ipinahayag na tahasan sa kaniya ang mga talata.



Si Propeta

# Jesus

Ang Dakilang Sugo



Si Jesus sa Islam ay isang sugo ng Maykapal na ipinadala upang gabayan ang mga anak ni Israel (Bani Isra'il) na may dalang kasulatan, ang Injil (evangelio).


*Ang Qur`an ay nagpahayag na si Maria ay ipinanganak si Jesus na kailanman ay hindi siya nasipingan ng isang lalake, isang himalang pangyayari na naganap dahilan sa ito'y itinakda ng Maykapal.*

*"At nasasaad, (O Muhammad), sa Kasulatan (ang kasaysayan ni) Maria, nang siya ay umalis mula sa kanyang pamilya patungo sa pook ng silanganan… nang magkagayon ay ipinadala Namin sa kaniya ang aming angel (si Gabriel), at siya ay nagpakita sa kaniya tulad sa isang hugis tao… Winika niya, "Ako'y sugo lamang ng iyong Panginoon upang sabihin ang (balita tungkol sa) isang dalisay na lalakeng bata (isang anak na lalake)." Sinabi niya, "Paanong magkakaroon ako ng anak na lalake samantalang walang sinuman ang nakasiping sa akin at ako ay hindi naging marumi?" Siya ay sumagot, "Datapwat (ito'y mangyayari); ang iyong Panginoon ay nagwika, 'Napakadali para sa Akin at gagawin namin siya na maging isang tanda sa mga tao at isang Awa na mula sa Amin. Ang bagay na ito ay itinakda (na).""* (Qur`an 19:16-21)

Upang matulungan siya sa kanyang layunin, si Jesus ay binigyan ng kakayanang magsagawa ng himala, ngunit ito ay sa kapahintulutan ng Allah. Ayon sa teksto ng Islam, si Jesus ay hindi napatay o naipako man sa krus, sa halip siya ay itinaas na buhay sa langit. Ang tradisyon sa Islam ay isinalaysay na siya ay muling magbabalik bago dumating ang Araw ng Paghuhukom upang muling ibalik ang katarungan at upang lupigin ang Anti-cristo.


Katulad ng lahat ng mga Propeta sa Islam, si Jesus ay ibinibilang na isang Muslim, dahil ang kaniyang ipinangaral sa mga tao ay tanggapin ang tuwid na landas sa pagpapasakop sa kalooban ng Maykapal. Sa Islam ay hindi tinatanggap na si Jesus ay Dios o kaya'y binhi ng Dios, at itinuturo na siya ay isang pangkaraniwang tao, katulad din ng iba pang mga propeta, at ang pagpili sa kaniya ay upang ipakalat ang aral ng Maykapal.

Ang mga teksto sa Islam ay hindi ipinahihintulot ang paglalagay ng katambal sa Maykapal, na pinahahalagahan ang paniwala sa Banal na Kaisahan ng Maykapal. Maraming pamagat ang itinatawag kay Jesus sa Qur`an, tulad ng Al-Masiah, bagaman ito ay hindi katulad sa pagpapakahulugan ng paniniwala sa Cristiano na siya ay anak ni Maria at lingkod ng Maykapal. Si Jesus sa pananaw sa Islam ay isang magpapakilala kay Muhammad, at pinaniniwalaan ng Muslim na inihula ang kaniyang pagdating.






## Si Propeta
# Muhammad
**Ang Tatak ng mga Sugo**




Si Muhammad, ang Propeta ng Islam, ay ipinanganak sa Makkah noong 570 CE. Isang ulila, pinalaking kaniyang tiyuhin mula sa isang respetadong tribu ng mga Quraysh. Nang siya'y lumaki na, nakilala siya bilang isang makatotohanan, matapat at dalisay. At napakarami pa, kaya tinatawag siyang "Ang Mapagkakatiwalaan." Si Muhammad ay tunay na maka-Dios, sa pasimula pa ay inayawan na niya ang pabagsak ng moral at pagsamba sa dios-diosan ng kanyang lipunan. Sa gulang 40, si Muhammad ay nakatanggap ng unang kapahayagan mula sa Allah sa pamamagitan ng angel na si Gabriel. Ang mga pahayag na salita ng Allah ay nagpatuloy sa loob ng 23 taon, ay ito'y natipon at tinawag na Qur`an.

Nang pinasimulan niya ang pagbigkas ng Qur`an at nangaral ng katotohanan na ipinahayag sa kaniya ng Allah, siya at ang maliit niyang samahan ng mga mananampalataya ay nagdanas ng matinding pag-uusig mula sa lipunanan na nakapaligid sa kanila. Ang pag-uusig ay matinding lumaganap, na noong taong 622 CE, ang Allah ay inutusan sila na lumisan sa Madina.

Pagkatapos ng maraming taon, si Muhammad at ang kaniyang mga tagasunod ay bumalik sa Makkah, pinatawad nila ang kanilang mga kaaway na dating malupit na umusig sa kanila. Bago namatay si Muhammad, sa gulang na 63, ang malaking bahagi ng Peninsula ng Arabia ay naging Muslim, at sa loob ng isang siglo ng kaniyang kamatayan, ang Islam ay lumaganap hanggang Espanya sa Kanluran at hanggang sa malayo ng Silanganan ng Tsina. Ang ilan sa mga dahilan ng mabilis at mapayapang paglaganap ng Islam ay ang katotohanan at maliwanag na doktrina nito."

Ang propeta Muhammad ay isang dalisay na halimbawa ng isang matapat, makatarungan, maawain, mahabagin, makatotohanan at matapang na nilalang. Bagaman siya ay isang tao, siya ay malayong-malayo sa lahat ng masasamang ugali at nagsusumikap alang-alang lamang sa Allah at ang gantimpala sa Kabilang-Buhay. Sa karagdagan, sa lahat ng kaniyang mga gawa at pakikitungo, siya ay maalalahanin at may banal na takot sa Maykapal.

"O Sankatauhan, ang Sugo ay dumating sa inyo na may dalang katotohanan mula sa inyong Panginoon, kaya nga maniwala, ito ang makabubuti para sa inyo. Datapwat kung kayo ay hindi maniwala, Katotohanan, ang Allah ang nagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at kalupaan. At ang Allah ay Lubos na Nakakaalam at Marunong." (Qur`an 4:170)





## ANG MGA NAUNANG KASULATAN

Sa buong panahon, ang Allah ay nagsugo ng maraming Propeta upang maging gabay sa sankatauhan upang sambahin lamang Siya. Ang mga aral ay nananatiling walang pagbabago mula sa pasimula pa sa unang Propeta na si Adan, hanggang sa huling Propeta na si Muhammad. Mayroong limang pangunahing Propeta na binigyan ng banal na karunungan upang gabayan ang kanilang mga kababayan, ang lahat ng iyon ay nasa anyo ng Kasulatan. Ang lahat ay pinalitan ng mga tao mula sa orihinal, maliban sa Qur`an, kahit na sa panahon na ito ay hindi napalitan o kaya'y magpalimbag ng panibagong salaysay.

Ang mga naunang Kasulatan ay ipinadala kay Abraham (ang mga balunbon at Lapida); kay Moises (ang Kautusan at ang Lapida); kay David (ang Salmo); kay Jesus (ang Evangelio); at kay Muhammad (Ang Qur`an).

Ang Qur'an ay hindi inihihiwalay ang pagkakataon na may mga karagdagang mga kasulatan na ipinadala sa iba pang mga Propeta, ngunit wala itong binabanggit kung nasaan iyon. Ang Sunnah (ang kawikaan at gawa ng Propeta na si Muhammad) ay nagpahayag na ang mga sugo ay libo-libo ang kanilang bilang, ngunit ang pinakadakila sa kanila ay 25 na nabanggit sa Qur`an, na may dalang banal na Kasulatan at ang iba ay wala. (Tignan: Ang Angkan na Pinagmulan ng mga Propeta)

*Ang Paniniwala sa Islam ay kilalanin at tanggapin ang mga naunang kasulatan sa kanilang orihinal na anyo. "Ang bawat isa sa kanila ay nananampalataya sa Allah, at sa Kaniyang mga angel at sa Kaniyang mga Kasulatan at sa Kaniyang mga Sugo, (At sinasabi nila): Kami ay hindi nagtatangi kanino man sa Kaniyang mga sugo."* (Qur`an 2:285)

## ANG BANAL NA QUR`AN



Katiyakan na ito ang lubos na pinakamahalagang uri ng kapahayagan para sa mga Muslim. Ang paniniwala sa Islam tungkol sa kapahayagan ay nakabatay sa Qur`an (Ang Banal na Kasulatan ng Islam).

Ang Qur`an ay kakaiba sa ibang aklat sapagkat ang lahat ng ito ay naisulat na salita ng Allah. Noong 611 CE nang ang Propeta na si Muhammad ay nagninilay-nilay sa kuweba at ang angel na Gabriel ay nagpakita sa kaniya. Si Muhammad ay hindi marunong magbasa at magsulat ngunit tatlong ulit siyang inutusan ni Gabriel na 'magbasa'.

"Basahin mo! Sa Ngalan ng iyong Panginoon at Mapagmahal, ang Manlilkha- nilikha ang tao mula sa namuong patak ng dugo. Basahin mo! At ang iyong Panginoon ay Lubos na Mapagbigay , siya ang nagturo ng pagsulat , at nagturo sa mga tao ng hindi niya nalalaman." (Qur`an 96:1-5)

Pagkatapos ay sinabi ni Gabriel kay Muhammad na siya ay pinili na maging Sugo ng Allah. Ang mga Pagpapahayag na ito ay nagpatuloy hanggang 23 taon.

"Sa araw na ito ay pinaging ganap Ko ang inyong relihiyon para sa inyo, at nilubos Ko ang Aking paglingap sa inyo, at Aking itinakda sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon." (Qur`an 5:3)

Si Muhammad ay nanatili na hindi marunong magbasa at magsulat at ang Qur`an ay naisulat na kaagad ng kaniyang mga kasamahan, ay gayon din ay naisaulo nila ito sa kanilang puso. Ang Qur`an ay naglalaman ng 114 na Surah (Kapitulo), at inayos sa pamamagitan ng dikta ng angel na si Gabriel mula sa Allah.


Sa mga Muslim, ang Qur`an ay naglalaman ng tanging literal na salita ng Allah na hindi napalitan. Ito ay tuwirang Pahayag mula sa Allah para sa sankatauhan. Dahil ang Qur`an ay salita ng Allah ito'y walang salungatan.

Upang mapag-ingatan ang tunay na salita ng Allah, ang Qur`an ay palaging binibigkas sa mga pagsamba sa wikang Arabiko, sapagkat ang tunay na kahulugan ng mga salita ay maaari lamang na matagpuan sa wikang Arabiko. Datapwat, mayrooong mga paliwanag ng kahulugan sa ibang wika.

Ang Qur`an ay ang pang-wakas at pinaka-lubos na Kasulatan bilang patnubay mula sa Allah at maipatupad sa lahat ng tao magpakailan man. Ito'y nananatiling malawak na naisaulo ayon sa tumpak kalagayan na umaabot hanggang buong mundo at ito ay nasa kaibuturang bahagi ng bawat Muslim sa kanilang pang araw-araw na buhay.

Sa kaniyang pangangaral sa bundok ng Arafat, si Muhammad ay ipinaliwanag na ito ang kahuli-hulihang pahayag; Wala nang propeta o sugo ang darating pagkatapos niya at wala nang bagong pananampalataya ang lilitaw.

# ANG BANAL NA MOSQUE SA MAKKAH



*May tatlong banal na lugar sa Islam na ang isang Muslim ay itinatagubilin na maglakbay dito, ang Haramain; ang Banal na Mosque sa Makkah at ang Mosque ng Propeta sa Al-Madina at ang Al-Aqsa na mosque sa Jerusalem. Ang katangian ng mga mosque na ito ay binanggit sa mga sumusunod na kawikaan ng propeta Muhammad:*

*"Dapat na ganapin ang paglalakbay sa tatlo lamang na mosque: ang aking mosque (sa Al-Madina), ang Banal na Mosque (sa Makkah), at ang al-Aqsa mosque (sa Jerusalem)." (Iniulat ni Bukhari at Muslim)*

*"Ang isang panalangin sa Banal na Mosque (sa Makkah) ay katumbas ng 100,000 panalangin na higit pa sa ibang mosque, ang isang panalangin sa aking mosque ( sa Madina) ay katumbas ng 1,000, at ang isang panalangin sa Jerusalem [al-Aqsa Mosque] ay katumbas ng 500." (Iniulat ni Bukhari)*

*"Ang unang Bahay (sambahan) na iniatas para sa sankatauhan ay yaong nasa Bakka (Makkah); ito'y puno ng biyaya at patnubay para sa lahat ng nilalang." (Qur`an 3:96)*

Ang Banal na Mosque sa Makkah ay itinayo sa paligid ng Ka'ba, ang unang bahay na pinabanal para sa pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Maykapal. Ang Ka'ba ay isang payak na kudradong bato na walang anoman nasa loob,ito'y itinayo ni Propeta Abraham at ng kaniyang anak na si Ishmael at ito'y nasa orihinal na pondasyon na pinagtayuan ni Adan.

Sa silanganan sulok nito ng Ka'ba ay may isang itim na bato at kilala sa tawag na 'al-Hajar al Aswad' na ito lamang ang tanging natitira sa orihinal na gusali na itinayo ni Propeta Abraham at ng kaniyang anak.

Ang Ka'ba ay ang direksiyon na kung saan ang mga Muslim ay humaharap sa panalangin. Kailan man ay hindi ang Ka'ba o ang itim na bato ang bagay na sinasamba ngunit itoy nagsisilbi lamang bilang pananda ng dako na nagtatali sa mga Muslim sa pagsamba.

**Ang dugo ng isang Muslim ay higit na mahalaga sa Allah kaysa sa Ka'ba at ang lahat nitong mga nakapaligid. (*Tunay na Ulat*)**



# ANG MOSQUE NG PROPETA SA AL-MADINA



Ang unang mosque na itinayo sa Islam ay ang itinayo sa Al-Madina ni Propeta Muhammad noong taon 622 CE. Ito ay napaka-payak na straktura na gawa mula sa kaputol na adobe at bato. Kalapit ng Mosque ay ang katamtamang bahay ng Propeta Muhamamd na dito siya inilibing na kabilang ang kaniyang dalawang kasamahan; si Abu Bakr As-Siddiq at Omar Ibn Al-Khattab. Ang Mosque ay naging sentro ng komunidad; hindi lamang ginamit para sa pag-aaral at pagdiriwang, kundi sa pamamahagi ng kawang-gawa, pakikipag-ugnayan sa mga pinuno ng ibang banasa at pakikipag-pulong sa mga delegasyon nito. Pagkatapos na maitatag ang Mosque, ang komunidad ng Muslim ay nanirahan sa paligid nito at naging pinaka-sentro ng Estado.

Ang mga sunod-sunod na pagpapalawak sa mga nagdaang kasaysayan ay nangyari na ang Mosque ng Propeta ay naging kahanga-hangang arkitekturang obra-maestra sa ngayon.

Katabi ng mosque ay ang napakagandang kulay berdeng kupola at matatagpuan sa ilalim noon ay ang puntod ng Propeta Muhammad. May isang lugar sa loob ng Mosque, sa pagitan ng pulpito (minber) at ng puntod ng Propeta Muhammad at ito'y tinatawag na Ar-Rawda As-Shareefa" na dito ay higit na nais ng Muslim na manalangin sapagkat ibinibilang ito na lugar mula sa Paraiso.





## ANG AL-AQSA MOSQUE SA AL-QUDS



*"Siya ang Kataas-taasan na nagdala sa Kaniyang lingkod (si Muhammad) na naglalakbay ng gabi mula sa Al-Masjid Al-Haram hanggang sa Msjid Al-Aqsa,*

*Na Aming pinagpala ang mga bakuran nito, upang maipakita Namin ang aming mga tanda. Katotohanan, Siya ang ganap na nakakarinig, at ang Ganap na Nakakakita.* (Qur`an 17:1)

Ang Al-Aqsa Mosque na nasa lungsod ng Al-Quds (Jerusalem) ay ang ikatlong banal na pook sa Islam. Ito ay pinakamamahal sa puso ng mga Muslims sapagkat ito ang unang mosque na kung saan humaharap sa pagdarasal bago pa sa Ka'ba. Ito rin ang mosque nang ang Propeta Muhamamd ay kinuha sa gabi upang paglalakbay (Isra at Miraaj) at kung saan siya ang nanguna sa lahat ng Propeta sa pagdarasal.

Ang Al-Aqsa Mosque ay ang kabuoan ng maharlikang santuaryo, na kabilang dito hindi lamang ang Mosque ni Omar kundi pati na rin ang Kupolang Bato at iba pang pagkakakilanlan sa loob ng bakod na bato na binubuo mahigit 200 lugar. Ang lawak nito ay mahigit 144,000 metro kuadrado at kung magkagayon nasasakop nito ang mahigit ika-anim na bahagi ng lumang lungsod ng Jerusalem. Ang pagdarasal saan man dito sa looban ng santuaryo ay katumbas ng 500 ang bigat kaysa sa ibang pangkaraniwang mosque.





## ANG HIMALA NG QUR`AN

Mangyayari na makakagawa ng ilang katanungan sa kaisipan ng isang mambabasa kapag ang isang aklat ay tumatalakay ng pagbabago ng similya sa loob ng sinapupunan, tumatalakay sa pagbuo ng mga ulap at ulan, tumatalakay sa mga karagatan at ang mga katangian nito sa malayong milya mula sa ibabaw, ngunit ang lahat ng ito kahit na ang tao ay wala pang nalikhang mikrospiyo, ang eroplano o kaya'y sobmarino. Ang Qur`an ay ipinahayag sa isang tao na nasa kalagitnaan ng disierto ng Arabia, mahigit 1400 taon na ang nakararaan. Isang tao na hindi marunong magbasa o magsulat. Anong uri ng katanungan ang lilitaw tungkol sa Qur`an at ang mahimalang kalikasan nito? Sa panahon natin ngayon ng agham ang makabagong teknolohiya, tayo ay patuloy na natututo tungkol sa mga bagong kaalaman at pagkakakilanlan. Sa paglaan ng isang minuto namakag-isip tayo kung ano ang layunin ng relihiyon na siyang dahilan na maturuan tayo tungkol sa mundong nakapaligid sa atin, maaaring mamangha ka na malaman ang inpormasyon na ating natanggap sa pamamagitan ng Qur`an.

## ANG BINHI



Mula sa pasimula ang mga hagdanan ng paglago, ay may wastong paglalarawan sa paglaki ng binhi sa sinapupunan. Una, sa pasimulang yugto tayo ay 'Nutfah o kaya'y patak: ito'y kapag ang similya at itlog ng babae ay nagsama na upang makabuo ng isang patak na likido; Magkayon ito ay tinatawag na Nutfah. Ang susunod na paglaki ay ang Alaqah; na sa wikang Arabic ay may tatlong kahulugan; linta, isang bagay na nakabitin at namuong dugo.

Ang binhi ay hindi lamang katulad ng isang linta, datapwat ito ay ginagamit din ang dugo ng ina upang sila ay mabigyan ng sustansiya. Habang ito ay lumalago, ito'y nagpapasimulang maghugis sa anyo na nakakapit sa sinapupunan ng ina, tulad sa isang nakabitin. Ang huling yugto ng Alaqah ay kung saan ang binhi ay tumatanggap ng malaking bahagi ng dugo sa ina; sa katotohanan na ang dugo ay hindi pa nagpapasimulang dumaloy, sa panahong ito ay mangyayari na itoy magiging katulad ng isang namuong dugo.

Ang susunod na yugto ay ang 'Mudghah' Sa wikang Arabic ito ay may katulad na kahulugan sa nginuyang sangkap. Ang paglaki ng gulugod ng sanggol ay katulad ng isang nginuyang sangkap. Pagkatapos nito ay lumilitaw ang 'Izam', ito'y ang paglitaw ng buto. Ang susunod na yugto na inilarawan sa Qur`an ay ang mga buto ay binabalutan ng laman na tumpak na inilalarawan kung papaano ang mga kalamnan ay nagpapasimulang magkahugis sa paligid ng buto.

Kung ano ang naihayag sa atin sa Qur`an tungkol sa binhi sa sinapupunan ng babae mahigit 1400 na ang nakaraan ay natuklasan ng makabagong agham Ilang dekada lamang ang nakaraan. Bagaman sa nakaraang ika-17 siglo ay nakatuklas ng mikroskopyo ay pinaniniwalaan na ang semilya ay naglalaman anya ng munting nilalang na tao.

*"At katiyakan, nilikha Namin ang tao na hinango mula sa putik. Pagkatapos ay inanyuan Namin siya tulad sa isang semilya-magkahalong binhi ng lalake at babae na nakalagak sa ligtas na lalagyan ( ito ang sinapupunan ng babe). At pagkatapos ay ginawa namin ang namuong dugo na maging kompletong laman, at nilikha Namin mula sa namuong laman, ang mga buto, at binalutan Namin ang buto ng laman; pagkatapos ay pinalaki Namin siya na isa pang nilalang. Kaya nga, ang Kabanalan ay nasa Allah, ang Pinakamabuting Manlilikha."* (Qur`an 23:12-14)

## ANG PAGKALUNOD NI PARAO



Sa panahon ng Propetang si Moises, si Parao ang nangingibabaw sa kapangkayarihan, tinanggihan niya na maniwala sa Kaisahan ng Allah. Siya ay isang mapagmataas at hambog, at ginugol niya ang kaniyang buhay sa pagbabanta sa buhay ng Propeta. Bagaman binigyan siya ng babala ni Moises na siya ay malulunod, hindi pa rin siya naniwala. Noon lamang nang siya'y mamamatay na ay nagpahayag ng paniniwala sa Allah.

*"At dinala Namin ang ang mga angkan ni Israel sa kabilang ibayong dagat, at si Parao at ang kaniyang mga kawal ay galit na hinabol at inapi sila hanggang sa sumapit na siya ay malulunod na, siya ay nagsabi: 'Ako ay sumasampalataya na walang ibang dapat sambahin maliban sa Kaniya na sinasampalatayanan ng mga anak ni Israel at ako ay kabilang sa mga Muslim."* (Qur`an 10:90)

Ang Allah ay sumagot: *"Ngayon lang? Bagaman noon ikaw ay sumuway at kabilang sa mga makasalanan? Kaya nga, mula sa araw na ito ang (patay na) katawan mo ay Aming pananatilihin at upang ikaw ay maging isang Tanda sa mga tao na susunod sa iyo. At katotohanan, marami sa mga tao ay hindi sumusunod sa Aming mga Tanda [kapahayagan]."* (Qur`an 10:91-92)

## ANG MGA UGAT NG BUNDOK AY TULAD SA MGA TULOS



Kapag nagtatayo ng tolda ay ginagamit ang tulos upang ang tali at ang materyales ay maitayo, mapapansin mo na karamihan sa tulos ay bumabaon sa lupa, at ang maliiit napiraso nito ay nakausli mula sa lupa. Ang pamamaraang ito ay ginagamit upang patibayin ang tolda at upang pigilin ito sa pagbagsak. Ang Qur`an ay inilalarawan na ang mga bundok bilang tulos, ito'y isang teorya na ipinakilala noong 1865 ng Kagalang-galang na si George Airy. Ang makabagong pag-unlad sa larangan ng heolohiya ay nagpapakita na ang mga bundok ay nakaupo sa ibabaw na may malalim na mga ugat, na nagpapatatag sa kanila at magpapatibay sa ibabaw ng lupa.

*Sinabi sa atin ng Allah sa Qur`an; " Hindi ba ginawa Namin ang kalupaan upang maging himlayan? At ang mga bundok bilang tulos? "* (Qur`an 78:6-7)

*"At kaniyang inilagay sa kalupaan ang mga kabundukan na matatag na nakatayo, (kung wala ito) maaaring ito'y magpagiwang-giwang kasama kayo, at ginawa ang mga ilog at mga daan, upang kayo ay mapatnubayan."* (Qur`an 16, 15)



## NATURALISANG NAGHIHIWALAY SA PAGITAN NG TUBIG-DAGAT



Ang mga Siyentipiko ay napatunayan kamakailan lang na ang dalawang bahagi ng tubig ay nagsasama, ngunit ito'y may naghihiwalay, na hindi namamalayan ng mata ng tao, ngunit nananatili ang pagkaalat, ang temperatura at ang lapot ng mga ito ay hindi naghahalo sa bawat isa. Ito ay mapagmamasdan kung saan ang Mediteraniyan ay nagtatagpo sa Karagatan ng Atlantiko. At ito'y katotohanan din, na ang tabang na tubig at maalat na tubig kapag nagtatagpo sa bunganga ng ilog na ito Ang pagkakahiwalay na ito ay nabangit sa Qur`an mahigit 1400 taon na ang nakaraan.

*"Kaniyang hinahayaan ang dalawang bahagi ng dagat, na magtagpo sa isa't-isa; Na sa pagitan nila ay may hangganan na silay hindi naghahalo sa isa't-isa."* (Qur`an 55:19-20)

*"At Siya ang nagpasiya na maging malaya ang dalawang uri ng tubig sa dagat, ang isa ay sariwa at manamis-namis at ang isa ay maalat at mapait, at Siya ang naglagay sa pagitan nila ng hangganan at hadlang na naghihiwalay.* (Qur`an 25:53)

At kung ano ang nakakamangha ay ang mga tagasisid ng perlas sa Gulpo ay alam ang kahanga-hangang kalikasan nito. Sa gulpo ng Arabia ang maalat na tubig ay may 'bukal' na manamis-namis na tubig na nakapatong mula apat hanggang anim na metro sa ilalim hanggang ibabaw ng dagat. Sa mahabang buwan sa karagatan ang mga maninisid ng perlas ay malimit sila sa mga bukal na ito, na sila ay sumusisid upang magdadag ng kanilang imbak ng sariwang tubig. Ang isa sa kilalang bukal ay nasa 'Ain Ighmisa' na ang kinaroroonan ay nasa Hilagang-silangan sa lunsod ng Jubail sa Kaharian ng Saudi Arabia.

## ANG MGA ULAP SA QUR`AN



Sa panahon ngayon, pagkatapos na mapag-aralan ang tungkol sa mga ulap, ang mga Siyentipiko ay nagkaroon ng hinuha na ang ulap-ulan ay nabubuo at nagkakahugis batay sa isang tiyak na sistema. Ang isang halimbawa nito ay ang kumulonimbus na ulap at kung papaano sila nakakalikha ng ulan, ulang may yelo at kidlat sa sa pamamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

Ang maliliit na 'ulap-cumulus' ay itinutulak na magkakasama ng hangin sa pook na sila ay magsasama-sama upang mabuo sa isang malaking kumulonimbus na ulap. Sa magkagayon ang mga ito'y nagkakapatong-patung ang bawat isa at ang iba ay hinahangin pataas sa loob ng malalaking ulap na nahuhubog sa hugis na patayo. Ang ulap ay umaabot sa malamig na dako at ang mga patak ng tubig at ulan na may yelo na nabubuo at nagpapasimulang lumaki nang lumaki. Kapag ang bigat ay umabot na sa kaniyang hanganan, ito'y bumabagsak na sa kalupaan.

*"... At Kaniyang ibinababa mula sa mga ulap, na katulad sa mga bundok (ng ulap) na kasama dito ang ulan na may yelo, at ibinubuhos Niya ito sa sinumang Kaniyang maibigan, at itinataboy Niya ito sa sinumang Kaniyang naisin. Ang nakakasilaw na liwanag ng kidlat nito ay halos nakabubulag."* (Qur`an 24:43)





## ANG HIMALA NG MGA SALITA SA QUR'AN



Ang Banal na Qur`an ay ipinahayag sa panahon na ang mga tao ay ginagamit ang pagsasalita ng patula at makata upang magilalas ang mga nakikinig, na siyang naging sanhi ng paligsahan sa pagitan ng mga tao at ang paglitaw ng isang mataas na antas ng kagalingan sa pagsasalita sa wika ng mga Arabo.

Si Muhammad ay isang tao na sa kaniyang gulang na 40 sa kaniyang buhay ay ang panahon ng pagkatanggap niya ng pahayag, lumayo siya sa mga makakata ng Arabia. Datapwat ang mga salita na ipinahayag sa kaniya at ibinahagi sa mga tao na nakapaligid sa kaniya ay napakadalisay, higit na kagila-gilalas at higit na mayumi ang himig kaysa sa kaninuman.

Sa mga nag-aalingan kung saan nangaling ang Qur`an, ang isang paghamon ay inilabas ng Allah, kung sino ang makagagawa ng isang kapitulo na katulad ng kapitulo na nasa Qur`an, na may lantay na kagandahan, mayumi ang himig, may karilagan, pantas na pambatas, tumpak na kaalaman, tumpak na panghuhula, at iba pang dalisay na kalagayan. Sinuman ay wala pang nakatupad sa hamong ito, noon at sa ngayon.

*Sinabi ng Allah sa Qur`an:*

*"Hindi ba nila lubos na napag-iisipan ang tungkol sa Qur`an? Kung ito man ay nagmula sa iba maliban sa Allah, makakakita sila dito ng maraming salungatan."* (Qur`an 4:82)

*"At kung kayong lahat ay nag-aalinlangan kung ano ang Aming ipinahayag [ang Qur`an] sa Aming lingkod (ang Propetang si Muhammad] , gayondin ay lumikha kayo ng isang surah [kapitulo] na katulad nito at tawagin ninyo ang inyong mga saksi [o kaya'y mga tagasunod] maliban sa Allah, kung kayo ay talagang makatotohanan. Datapwat, kapag hindi ninyo ito nagawa at sa katotohanan hindi ninyo ito magagawa- kaya nga magkaroon kayo ng takot sa Apoy …"* (Qur`an 2:23-25)

*"Kaya nga, sa tuwing binibigkas ang Qur'an, magkagayon ay pakinggan nyo ito at unawain upang kayo ay makatanggap ng awa."* (Qur`an 7:204)


*"[Narito ang] isang Kasulatan na puspos ng biyaya na Aming ipinahayag sa iyo [O Muhammad], upang kayo ay makapagmuni-muni sa mga talata nito, at para sa mga nakakaunawa ay paala-ala sa kanila."* (Qur`an 38:29)

## ANG UNAHAN NG UTAK SA NUO



Napakahalaga na bigyan ng pansin na ang mga Siyentipiko noong 1930 ay nagpasimulang matuklasan ang gawain ng iba't-ibang bahagi ng utak. Ang isa sa mga iyon, ay ang kinalalagyan sa unahan ng utak, ito'y tinatawag na Unahan sa Harapan ng Utak. Ang mga siyentipiko ay natuklasan na ang bahagi na ito ay ginagamit at nagpapasiya sa masama at mabuting ugali at ito rin ay karugtong sa pagsasabi ng katotohanan o kasinungalingan. Ipinasiya ng Allah na ipaalam sa atin na mula pa 1400 taon ang nakalipas. Ang talata sa ibaba nito ay ipinapaalam sa atin ng Allah na ang tao ay kukunin Niya sa harapan ng kaniyang ulo o nuo.

*"Hindi! Kung hindi siya titigil, tiyak na hihilain Namin siya sa buhok na nasa kaniyang nuo. Isang bahagi na nagsisinungaling at nagkakasala."* (Qur`an 96: 15-16)



# ANG SINING SA ISLAM



*"Ang Maykapal ay Maganda at mahal niya ang Kagandahan":* Ito ang winika ng Propetang si Muhammad mahigit 1400 taon na ang nakararaan. Winika pa rin niya: " Mahal ng Maykapal kung kayo ay gagawa ng anomang bagay ay gawin nyo ito na may kahusayan." (Iniulat ni Muslim)

Ang ganitong mga kawikaan ng Propeta ay nagtutulak sa Muslim na magpaganda at mag-gayak sa kanilang bahay sambahan, mga tahanan at mga Kasangkapan. Ang Arkitektura sa Islam at sining sa pagpapalamuti ay nananatili pa ring buhay at pinahahalagahan sa maraming pook ng mga bansang Muslim.

Naniniwala ang mga Muslim sa pantay at pagkakaisa sa lahat ng bagay na umiiral. Walang anomang bagay na lumitaw nang gayon na lamang at nagkataon lamang, sapagkat ang lahat ay bahagi nito ay kabilang sa layunin ng Lubos na Pinakamatalino, Lubos na Maawaing Tagapaglikha.

**Ilan sa Mahahalaga sa Sining ng Islam ay ang sumusunod:**

- Ang Sining sa Islam ay hinahanap na mailarawan ang kahulugan at Kalagayan ng anomang bagay, sa halip na ang kanilang hugis lamang.
- Ang mga kagalingan sa paglikha at gawang pagpapalamuti ay itinaas na kabilang sa sining.
- Ang Kaligrapiya ay isang malaking anyo ng sining sa Islam.
- Ang masalimuot na heometriko at mabulaklak na pinagtutularan ay may bahagi sa malaking ginagampanan sa sining ng Islam.
- Ang Sining sa Islam ay kabilang ang lahat ng uri ng sining, hindi lang ito tumutukoy sa pang-relihiyong sining.

# KALIGRAPIYA



Dahilan sa ang mga Muslim ay may malalim na paggalang at pagmamahal sa Qur`an, ang sining ng kaligrapiya ay nabuo na mas maaga at nakarating sa mataas na antas. Sa buong bansa ng Muslim , ang mga talata sa Qur`an ay napapalamuti sa mga mosque, palasyo, tahanan, mga pangangalakal, at iba pang-publikong dako. Malimit na ang Kaligrapiya ay ginagawa sa magkakaugnay sa palamuti ng pagpapaganda, na kaakit-akit na nagsasama-sama kung ano ang higit na makababanal at mahalaga.

**Mahigit isang siglo, maraming sulat kamay ang nakabalangkas sa iba't-ibang rehiyon ng mga bansang Muslim. Ang pinakamahalagang istelo ng Kaligrapiya ay ang sumusunod:**

## KUFIC

Ang Kufic ay mahigit o kumulang na isang parisukat at panulukang sulat kamay, makikilala ito sa kaniyang malaki, makapal at heometrikong istelo. Ang kaniyang mga titik sa pangkalahatan ay makapal at ito ay nababagay na iukit sa bato o kaya'y metal, sa pagpipinta o pag-uukit ng inskripsiyon sa mga dingding ng mosque, at para sa pantitik ng barya.





## NASKH

Ang Naskh marahil ang pinakakilalang sulat kamay sa daigdig ng mga Arabo. Ito ay magkakadugtong na sulat kamay na nababatay sa tiyak nitong panuntunan na kasukat sa pagitan ng mga titik. Ang Naskh ay malinaw na mababasa at maliwanag at ito'y tinanggap bilang angkop na istelo para sa uri ng titik at pagpapalimbag. Ito'y umiikot sa napakaraming istelo at uri, kabilang dito ang 'Ta'liq, ang Riqa, at ang Diwani, at dito nagmula ang makabagong paraan ng pagsulat ng Arabiko.

## THULUTH

Ito ang pinakamahalaga sa lahat ng mapalamuting sulat kamay at ibinibilang na naghahari sa lahat ng istelo. Malimit itong gamitin sa Paunang Sulat, pang-relihiyong inskripsiyon, makaharing titulo at mga pagsipi.

## TA'LIQ

Ito ay inilaan higit sa lahat upang matugunan ang pangangailangan ng wika ng mga taga Persya at nananatiling ginagamit ng karamihan sa Iran, Afghanistan at sa kalapit na bansa sa India. Ang Ta'liq ay isang lusaw at magilas na sulat kamay.

## ANG DIWANI

Ito ay mas pahabang sulat at mataas ang pagkakagawa na ang kaniyang mga titik ay hindi maayos ang pagkakadugtong-dugtong at walang pananda ng patinig. Ito ay pinalawak sa panahon ng panunungkulan ng naunang Ottomang Turko (sa ika-16 na siglo hanggang bago pa sa ika-17 siglo).

May iba pang hindi masyadong kilalang uri ng kaligrapiya, ngunit hindi nangangahulugan na ito'y hindi maganda, tulad halimbawa ng Riq'a, Muhaqqaq, Rayhani, Ijaza at Moroccan.

# ANG ARKITEKTURA SA ISLAM



Ang arkitektura sa buong kasaysayan ng mga bansang Islam ay pinalakas ng pang-Espirituwal na haligi, ang Qur`an.


Ang mga bayan sa lungsod ng Islam ay nananatili sa loob ng mahabang panahon, na narito ang angkan ng mga mahuhusay na manggagawa, na ang kanilang karanasan ay nagpadagdag sa sari-sari ng kapaligiran.

Ang tradisyonal na lungsod ay nag-uugnay sa arkitektura ng madrassa (Paaralang Islam), ang souq (pamilihan), ang palasyo at ang tahanan kasama ang mga sentro ng mosque, upang makalikha ng magagandang tanawin sa labas ng bayan.

Ang mga mosque at mga palasyo sa mga dumating na panahon ay higit pang pinabuti ang mga palamuti at disenyo. Malaki ang ipinagbago ng arkitektura, mula sa konsepto ng kupola na nagbibigay ng maluwag na bahagi ng pinag-darasalan, sa mga inskripsiyon sa loob ng mosque, upang luwalhatiin ang Allah.

Ang isa sa pangkaraniwang paksa ay ang lubos na hindi pagpapahintulot sa anyo ng tao at hayop sa larangan ng arkitektura. Makikita mo ang pagpapaganda na naka-sentro sa mga salita, teksto at pagsulat, na nagpupuri sa Allah sa pamamagitan ng paggamit ng kaligrapiya.

Ang isa sa kaugalian ng Islamikong bahay ay may kanya itong katangian, katulad halimbawa ng patyo ng bahay ay nakatago upang mabigyan ng proteksiyon ang buhay ng mag-anak sa mga tao mula sa labas at malupit na kapaligiran. Makikita mo ang labas ng bahay ay patag at ito ay nakatuon sa loob ng bahay. Sa paglipas ng panahon, ang bahay ay pinapalawak upang magkasama-sama dahilan sa paglaki ng sangbahayan, malimit na hiwalay ang mga bahay na itinatayo sa loob ng bakuran para sa karagdagang mag-anak.





## ANG PALAMUTING SALAMIN SA ISLAM



Ang naunang ulat tungkol sa paggamit ng palamuting salamin para sa pagpapaganda ng mga gusali ay noong ika-7 siglo sa Ehipto. Sa karagdagan pa, ang makabagong pagkakatuklas sa larangan ng arkeolohiya ay nag-uugnay sa pangangalakal ng palamuting salamin mula sa Ehipto patungong Vietnam sa loob ng ika-9 na siglo. Gayon pa man, sa Europa, natagpuan natin ang sining ng palamuting salamin na umaabot ang taas nito hanggang 1150 at 1500, nang ginawa ang napakalaking bintana para sa napakalaking mga Katedral.

Ang ilan sa nakakahikayat na palamuting salamin ay nakasentro sa sa paligid ng hugis heometriko, ng kaligrapiya at ang mabulaklak na paksa ay mayaman na matatagpuan sa pook ng Ottoman. Sinumang tagapag-disenyo ay nagnanais sa patakaran ng klasikang pagkakatugma, pagkakapareho at kagandahan sa pamamagitan ng pagaayos at pagbabago sa harapan ng salamin, maliwanag na pagpipinta upang mahayag ang mga kailaliman sa panuntunan at pagpapalamuti.

**Ang mga halimabawa nito ay makikita sa malaki at maliit, mula sa pagpapaganda ng malalaking mosque katulad ng nilikha noong Ottoman na arkitektong si Mimar Sinan sa iba't-ibang bahagi ng bansang Muslim, hanggang sa ilawan ng kalsada na nagbibigay liwanag sa mga bayan ng Muslim maraming daang taon na ang nakalipas.**

## ANG ARABESQUE



Ang Arabesque ay isang pinabuting pagsasagawa ng kaligrapiya o kaya'y ang paulit-ulit na hugis ng heometriko na malimit ito'y nagiging alingawngaw ng mga anyo ng halaman at mga hayop. Ang Arabesque ay isang elemento sa Sining ng Islam na pangkaraniwang matatagpuan natin sa palamuti ng mga bintana at pintuan ng mosque, bahay, pamilihan at motel. Ang pagpili sa heometrikong anyo na siyang ginamit at papaano ito isinasaayos ay ibinatay sa kahusayan ng isang Muslim na artistiko at ang pananaw ng mundo. Ang sining ng Arabesque ay malimit na pinaghalong kaligrapiya.


Ang sining ng Arabesque ay malimit na ginagamit ang paulit-ulit na anyo ng heometriko, na sa loob nito ay may nakatagong kahulugan. Ang isa sa halimbawa nito ay ang payak na kudrado, na ito'y may apat na makakapantay na hugis sa bawat sulok, ang gumawa nito ay pinagsisikapang ipakilala ang simbolo ng pantay-pantay na kahalagahan ng mga elemento ng kalikasan; lupa, hangin, apoy at tubig. Ang paikot na hugis, ay naglalarawan ng walang-hanggan kaisahan ng tagapaglikha.

# ANG KAPALIGIRAN

**Sa Islam ang kaugnayan sa pagitan ng sankatauhan at ang kapaligiran ay batay sa katotohanan na ang lahat ng bagay sa daigdig na ito ay upang sambahin ang Allah.**

**Ang pagsambang ito ay hindi lamang isang rituwal na pagganap, ngunit ito'y pinapakahulugan sa pamamgitan ng mga gawa; na ang ibig sabihin ito'y bahagi ng paniniwala ng Muslim upang hindi sirain ang kapaligiran. Sa karagdagan, ang sankatauhan ay may-pananagutan para sa kabutihan at pangangailangan ng ibang nabubuhay sa paligid ng mundo, katulad ng hayop at lahat ng uri ng halaman na hindi masira o mawasak ang kapaligiran nito.**

## PANGANGALAGA SA MGA PUNO



Ang Propetang si Muhammad ay hinimok ang pagsasakahan upang lumago ang pinagkukunan ng paghahalaman at upang palawakin ang mabiyayang kapaligiran.

Sinabi niya: "At kung ano man ang itinanim ng isang Muslim o mag-alaga ng binhi o ng isang halaman, o ng isang tao, o ng isang hayop, o ano pa man na kaniyang inalagaan, ito ay ibibilang para sa kaniya na isang gawain ng kawang-gawa. (Iniulat ni Al- Bukhari)

At gayon din, Ang Propeta Muhammad ay ang kauna-unahang nagtatag ng pangangalaga ng kapaligiran, na ang mga puno ay hindi maaaring putulin at ang mga hayop ay huwag papatayin. Pinangalagaan niya ang buong Madina na ditoy walang puno na aalisin at walang anomang bagay na dapat putulin at maaring gamitin na magiging sanhi sa kamelyo na umalis. Sinabi niya: Ito ay banal, at walang puno dito ang maaaring putulin, maliban na ang isang tao ay pakakainin ang kaniyang kamelyo.

Sinabi rin niya: "Hindi ko ipinahihintulot na ang puno sa pagitan ng dalawang batong maitim (palatandaan ng hangganan) ng Madina na putulin ito." (iniulat ni Al-Bukhari)

## ANG TUBIG

Ang pagbabawal na dumihan ang pinagmumulan ng tubig, mga daanan at ilang pang bahagi ng pangkaraniwang kalikasan, ay ilan sa mga alituntunin sa Islam na pinagsisikapang panatilihing malusog ang kapaligiran at Malaya sa karumihan. Ang Islam ay nagsasagawa upang bigyan ng proteksiyon ang kapaligiran at suriin ang anumang magpaparumi dito, isang tungkulin sa bawat mamamayan sa isang maka-Dios na lipunan.

*"Bakit walang sinuman sa mga salin-lahi na nauna sa inyo na mabubuting tao ang nangangaral laban sa katiwalian ng mundo?* (Qur`an 11:116) *"Walang sinuman ang maaaring umihi sa matining na tubig."* (Iniulat ni Al-Bukhari )

*"May tatlong gawa na dapat iwasan na nagdadala sa tao ng sumpa: pinsalain ang pinagkukunan ng tubig, ang daan, at ang lilim." (Iniulat ni Abu Dawood)*

## ANG PAGMAMAHAL SA HAYOP

Ang Pagmamahal sa Hayop :

*Ang magbigay ng kawang-gawa sa mga hayop ay kabaitan at kabanalan, at kapag ang isang tao ay hindi tumulong para sa kapakanan ng hayop, ay nagtataguyod ng kasalanan at pang-aapi at sumasalangsang sa Maykapal na Makapangyarihan sa lahat.*

*Ang ilayo ang hayop mula sa pagkain at inumin, at pabayaan ang pagdidilig ng punong kahoy at halaman hanggan sa sila ay mamatay, ayon sa salita ng Maykapal, winawasak niya ang daigdig at at sinisira ang mga halaman at ang mga kaapu-apuhan.*

*"May isang patutot na pinatawad ng Maykapal sapagkat, may isang asong humihingal ang dumaan sa isang malapit na bukal at nang makita niya ang aso na mamamatay na dahilan sa uhaw, inalis niya ang kaniyang sapatos, at tinalian niya ito ng kaniyang panglambong sa ulo at sumalok ng tubig. Kaya nga, ang Maykapal ay pinatawad siya dahilan sa kaniyang kabutihang ginawa."* (Al- Bukhari)

*Isinumpa ng Propeta ang sinuman na pumatay sa isang may buhay na nilikha para lamang sa gawain ng paligsahan [tulad ng pangangaso].* (At-Tirmidhi)

*Ipinagbawal ng Propeta na ihanda ang mga hayop upang sila ay maglaban-laban bilang pang-paligsahan."* (At-Tirmidhi)

## PANATILIHING MALINIS ANG BAYAN

Ang Propeta Muhammad ay hinihimok ang mga tao na linisin at huwag dumihan ang kanilang mga bayan. Sinabi niya: "Ipinakita ko ang mga gawa ng aking matapat na tagasunod: kapwa mabuti at ang masama, Nakita ko sa aking sarili ang kanilang mga gawang mabubuti sa pamamagitan ng pag-aalis ng nakasasakit na bagay sa daanan ng mga tao. " (Iniulat ni Muslim)

*Sinabi pa rin niya: "Ang Pananampalataya ay kabilang ang mahigit na pitongpung sanga, …ang pinakapayak sa mga ito ay ang pag-alis ng anomang bagay na pinagmumulan ng sakuna mula sa daanan."* (Iniulat ni Muslim)

## ANG KOMUNIDAD

Ang Propetang si Muhammad ay ipinagbawal ang anomang bagay na makakasakit sa sinuman at sa mga mamamayan ng komunidad, katulad ng kaniyang sinabi:

*"Walang maaaring gumawa ng pagpapahirap na makakasama sa sarili o sa iba pa man."* (Ang 40 Hadith ni An-Nawawi)

*Ipinagbawal din niya ang anumang pananakit sa kaniyang kapit-bahay, sinoman sa kapit-bahay, ito man ay nakahimpil, pang-publikong sasakyan, pang-publikong pook, o mga tanggapan. Sinabi niya: "Sinuman na naniniwala sa Maykapal at sa Araw ng Paghuhukom ay huwag mananakit sa kaniyang kapit-bahay."* (Iniulat ni Al- Bukhari)





# MGA KABABAIHAN SA ISLAM



Ang Islam ay ipinahayag sa panahon na maraming mga tao sa buong mundo ang hindi tinatanggap ang katauhan ng mga kababaihan. Kung sila man ay kinikilala bilang may katauhan o hindi, ang kababaihan ay nanatili pa ring kinikilala bilang isang bagay na nilikha para maging hamak na tagapag-lingkod sa kalalakihan.

*Ibinalik ng Islam ang karapatan ng mga kababaihan na tinangay ng pagsama ng lipunan. Ang karangalan at pagkatao ay muling nanumbalik, na sila ay naging kapantay ang kalagayan sa mga kalalakihan. Ang pagpatay sa mga kababaihan ay ipinagbawal at ang karapatan ay ipinagkaloob sa mga kababaihan katulad ng pagkakaloob ng mamanahin na ito'y hindi umiral noong una pa. Ang ilan sa mga ito ay, ang mga kababaihan sa ngayon ay may karapan na magkaroon ng pansariling ari-arian at kung magkagayon may karapatan sa sarili na magkaroon ng salapi at kayamanan (sila'y walang tungkulin na maglaan para sa kanilang pamilya), may karapatan na umayon sa pag-papakasal (kinakailangan ang kanilang pag-sang-ayon), at gayon din panatilihin nila ang kanilang pangalan sa pagka-dalaga pagkatapos na magpakasal. Sa ngayon, sila'y may karapatan na makipag-hiwalay, magkaroon ng edukasyon, ang bumuto; ang kanilang karapatan ay napakarami at naglalagay sa mga kababaihan hindi lamang kapantay sa pedestal, datapwat itinaas ang kanilang kalagayan sa maraming pagkakataon sa kalalakihan.*

*Iniulat ni Abu Hurayrah na ang isang lalake ay nagpunta kay Propeta Muhammad at nagtanong, "O Sugo ng Allah, sino sa mga tao ang higit na dapat bigyan ng kagandahang-loob at pakisamahan mabuti para sa akin?" Sumagot siya, "Ang iyong ina." Nagtanong muli ang lalake, "at sino ang kasunod ?" Sinabi niya, "ang iyong ina." "sino ang kasunod ? " Sinabi niya, " ang iyong ina." At sino ang kasunod ?" Sinabi ng Propeta, "Ang iyong ama."* (Al-Bukari at Muslim)

Marami sa mga karapatan ay ipinagkaloob lamang kamakailan sa mga kababaihan sa mga taga-Kanluran; ang maliwanag na halimbawa nito ay ang karapatan na magkaroon ng sariling ari-arian, ang karapatan na magsagawa ng kaniyang sariling kagustuhan at karapatan na makipag-hiwalay ay ipinatupad sa mga batas nitong ika 19 na siglo pa lamang. Sa karagdagan pa, dahilan sa pagkaligaw ng kultura na nakikita sa ilang lipunan na hindi kabilang sa bansang Muslim, ang magkaroon ng anak na babae ay nananatili pa rin bilang isang pabigat. Ang pagpatay sa sanggol na babae ay nanatili pa rin sa pamamagitan ng aborsiyon, kaya nga itoy nag-iiwan ng malaking agwat sa bilang ng lalake at babae sa loob ng lipunan.

Ang pananaw ng Islam tungkol sa kalagayan ng kababaihan ay ipinahayag sa maikling pangungusap sa mga talata ng Qur`an:

*"Ang kanilang Panginoon ay sumagot: "Hindi Ako nagkulang na gantimpalaan ang sinumang gumagawa ng anumang mabubuting gawa, siya man ay babae o lalake, kayo ay pantay-pantay sa bawat isa sa inyo…"* (Qur`an 3:195)

# ANG KARAPATAN NG KABATAAN SA ISLAM



Karamihan sa mga bansa bago pa ang Islam, ay mayroon malaking pag-tatalo tungkol sa maling pakikitungo sa mga kabataan, ang pinakamasama dito ay ang pagpatay sa mga bata; ang pagpatay sa mga musmos pagkatapos nitong ipanganak. Ang kaugaliang ito ay dahilan sa pagkatakot sa kahirapan, pag-aalay sa mga dios-diosan, o kaya'y pag-ingatang mapahiya sa lipunan kapag nanganak ng babaeng bata.

Ang Qur`an ay hindi tinatanggap ang lahat ng hindi maka-taong pang-aapi at pinagkalooban ang mga kabataan ng maraming karapatan; karapatan na sila ay bigyan ng pagkain, damit at proteksiyon, ang karapatan na madama ang kagandahan ng pag-ibig at mahalin ng kanilang magulang, ang karapatan ng pantay-pantay na pag-aaruga sa pagitan ng mga anak, ang karapatan na magkaroon ng edukasyon at ang karapatan ng lubos na pagmamahal.

*Ipahayag, "Halina na kayo, Aking bibigkasin kung ano ang ipinagbabawal sa inyo ng inyong Panginoon. [Iniatas Niya] na kayo ay huwag maglalagay ng katambal Niya, at para sa mga magulang, mabuting pag-aaruga, at huwag ninyong papatayin ang inyong mga anak dahilan sa kahirapan; Kami ang magkakaloob sa inyo at sa kanila…"* (Qur`an 6:151)

*Sa karagdagan pa, ang isip ng bata ay kinakailangang hubugin, at ang pag-papaaral ay kinakailangan sa bahaging ito. Ang puso ng isang bata ay kinakailangan punuin ng pananampalataya, ang isip ng bata ay maaliw sa tamang patnubay, kaalaman at katalinuhan, at moral at mabuting asal, ito'y kalakip sa paglaki ng bata.*

*"Matakot sa Allah at pakisamahan ang inyong mga anak [ maliit man o malaki na] na pantay-pantay [sa katarungan]."* (Al-Bukhari at Muslim)



# ANG KARAPATANG PANTAO SA ISLAM AT ANG MINORYANG LAHI




Ang Islam ay nagkakaloob sa sankatauhan ng isang huwarang panuntunan tungkol sa karapatang pantao 14 na siglo na ang nakakaraan. Ang karapatang ito ay naghahangad na maipagkaloob ang karangalan at dangal sa sankatauhan at upang alisin ang pagsasamantala, panunupil at walang katarungan. Ito'y maikling ipinahayag sa Huling Pangangaral ng Propeta Muhammad, na itinuturing na kauna-unahang pinahayag sa karapatang pantao. Ang karapatang ito ay umiiral na sa lahat ng mga mamamayan, Muslim at hindi Muslim, sa kalalakihan at kababaihan, namumuhay na payapa o nasa panahon ng digmaan; ang kanilang karapatan ay ipinangako ng Allah.

*"…ang lahat ng sankatauhan ay nagmula kay Adan at kay Eva, ang isang Arabo ay hindi higit kaysa sa isang hindi-Arabo o kaya'y ang hindi Arabo ay hindi higit kaysa sa Arabo; gayundin, ang isang maputi ay hindi higit kaysa sa maitim, o kaya'y ang maitim ay hindi higit kaysa sa maputi, ngunit nakahihigit ang may kabanalan at mabuting gawa."* (Hinango sa Huling Pangangaral)

Ang karapatang pantao sa Islam ay matatag na nakaugat sa pananampalataya sa Allah, at ang Allah lamang ang Tagapagbigay ng Kautusan at ang pinagmumulan ng lahat ng karapatang pantao. Dahil sa ang pinagmulan nito ay banal, walang sinuman na namumuno, pamahalaan, kalipunan o nasa kapangyarihan ang maaaring magbawas o lumabag kahit ano ang dahilan sa karapatang pantao na ipinagkaloob ng Allah, o kaya'y ito'y pawalang bisa.

Ang karapatang ito ay mapapatunayan din sa mga hindi Muslims na naninirahan sa lipunan ng Muslim. Ang Propeta Muhammad ay nakaugalian niyang dalawin ang may sakit sa Al-Madina; ang mga Judio at gayon din ang mga Muslim. Nang may dumaan sa paglibing ng isang Judio at napadaan sa Propeta, siya ay tumayo at nagbigay galang. Sa ospital ay tinatanggap at ginagamot ang tao ano pa man ang kanilang relihiyon o lahi. Sa antas ng pamahalaan, mga Cristiano at Judio ay umabot sa magandang posisyon ng panunungkulan. Ang mga Cristiano o Judio ay tinatanggap sa mga paaralan ng Muslim, kolihiyo at mga unibersidad at binibigyan ng tirahan na ang nagtutustos ay ang Estado. Sa panahon ng inkisisyon ng Kastila ang mga bansang Muslim ay naging kanlungan ng mga Judio, katulad ng mga Muslim na tumatakas sa pag-uusig ng mga Kastila, matapos mamuhay na masagana at mapayapa sa Muslim ng Espanya sa loob ng 700 taon.

*"Sinuman ang kumitil ng walang malay na kaluluwa, bagaman wala siyang pininsalang buhay o naghasik ng kasiraan sa lipunan, ay tulad na rin na kaniyang piñatay ang buong sankatauhan; at ang sinuman na magligtas ng isang walang malay na kaluluwa ay tulad na rin na iniligtas niya ang buong sankatauhan.* (Qur`an 5:32)





# ANG HULING PANGARAL NI PROPETA MUHAMMAD



*Sabado, ika -7 ng Marso 632 CE*

***Ang Unang Karapatang Pantao na ipinahayag sa mundo, bago pa ang Magna Carta- Kalatas ng Karapatan at ang Kodigo ng Nagkakaisang Bansa***

"… O sankatauhan, at bilang pagtatangi nyo sa buwan na ito, at sa araw na ito, at sa lungsod na ito bilang banal, kaya nga igalang nyo ang buhay at ari-arian ng bawat Muslim bilang banal na pagtitiwala. Ibalik ang mga mabubuti na ipinagkatiwala sa inyo sa tunay na may-ari. Huwag manakit kaninuman upang sinuman ay huwag kayong pinsalain. Alalahanin ninyo na katiyakan kakatagpuin kayo ng inyong Panginoon, at katiyakan magsusulit tayo sa ating mga ginawa. Ipinagbabawal sa inyo ng Allah ang pagtanggap ng walang katarungang patubo, magkagayon ang lahat ng babayaran sa mga patubong ito ay dapat talikdan. Ang inyong puhunan, magkagayon man, ay dapat na bayaran. Huwag kayong mananakit o magparusa sa anumang di makatarungan.. Ang Allah ay nagpasiya na walang anuman patubo…

O sankatauhan, katotohanan na kayo ay may karapatan tungkol sa inyong mga kababaihan, datapwat silay may karapatan din sa inyo. Alalahanin na tinanggap nyo sila bilang mga asawa na nasa ilalim ng pangangalaga ng Allah at sa Kaniyang pahintulot. At kung silay sumunod sa inyong karapatan, magkagayon sila man ay may karapatan din sa inyong kabutihan upang pakainin at damitan. Pakisamahan ninyo ang inyong mga kababaihan na mabuti at maging mabait kayo sa kanila sapagkat sila ay inyong kasama at katuwang na mapagkakatiwalaan. Karapatan ninyo na sila ay hindi dapat magpapasok sinuman sa inyong tahanan na ayaw ninyo, at gayon din hindi dapat na maging marumi…

Ang lahat ng sankatauhan ay nagmula kina Adan at Eva, ang isang Arabo ay hindi higit kaysa sa hindi Arabo o kaya' ang isang hindi Arabo ay higit kaysa sa isang Arabo. Gayun din ang maputi ay hindi higit kaysa sa maitim o kaya'y ang maitim ay higit kaysa sa maputi maliban sa kabanalan at mabubuting gawa. Alamin ninyo na ang bawat Muslim ay kapatid ng bawat Muslim at ang mga Muslim ay binubuo ng isang kapatiran. Walang anuman karapatan ang isang Muslim sa pag-aari ng kasamang Muslim maliban ito ay ipinagkaloob na malaya at kusang-loob. Kung gayon, huwag gagawa ng hindi makatarungan …

O Sankatauhan, walang propeta o sugo na darating pagkatapos ko at walang bagong pananampalataya na lilitaw. Maging matalino sa katwiran, kaya nga, O sankatauhan, unawain ang mga salita na ipinahayag ko sa inyo. Iniwan ko ang dalawang bagay, ang Qur'an at ang aking halimbawa, ang Sunnah at kung sundin nyo ito kayo'y di maliligaw…

Ang lahat ng mga nakinig sa akin ay dapat na ipamamahagi ang mga salita sa iba at muli doon sa iba pa; at nawa ang huli na nakaunawa sa aking mga salita ay higit na mabuti kaysa sa nakarinig sa akin ngayon. Kayo'y maging saksi ko, O Allah, na aking ipinahayag ang iyong mensahe sa iyong mga nilikha. (Ang huling pangaral ng propeta Muhammad)





## ANG KASUNDUAN NI OMAR



Nang si Omar Ibn Al-Khattab (ang ikalawang Kalipa) ay pumasok sa Jerusalem bilang isang pinuno ng sandatahang lakas ng mga Muslim noong 638 CE, siya ay pumasok sa lungsod na nakayapak bilang pagpapahayag ng pagpapakumbaba; walang anumang dugo ang dumanak. Sa mga nais na umalis ay pinabayaan na dala ang lahat ng kanilang ari-arian at binigyan ng ligtas na daanan. Sa mga nais na manatili ay binigyan ng proteksiyon sa kanilang buhay, sa kanilang ari-arian, at ang kanilang bahay sambahan. Tinangihan ni Omar ang alok ng Patiarkang si Sophronius, pinuno ng magistrado sa napasukong lungsod, na manalangin ng isa sa limang pang araw-araw na panalangin sa simbahan ng Banal na Libingan. Hindi niya ito tinanggap na maaaring manyari sa mga susunod na taon na ang mga Muslim ay mangyari na gawin ito na isang Mosque para sa kaniyang ala-ala.

*Sa Ngalan ng Allah, Ang Higit na Maawain, ang Higit Na Mahabagin.*

*Ito ang pangako ng katiyakan para sa kapayapaan at proteksiyon na ipinagkakaloob ng Tagapaglingkod ng Allah; Ako si Omar, Kumandante ng mga Mananampalataya para sa mga naninirahan sa Ilia' (Jerusalem). Ipinagkakaloob ko ang katiyakan ng pangangalaga sa inyong buhay, ari-arian, mga simbahan at krus; para sa mga may karamdaman at malulusog at para sa lahat ng mamamayan ng relihiyon.*

*Ang inyong mga simbahan ay hindi sasakupin, wawasakin o kaya'y kukunin lahat ito o bahagi man. Ang inyong mga krus o ari-arian ay hindi ipagkakait sa inyo. Kayo ay hindi maaring pilitin sa inyong relihiyon o sinuman sa inyo ay dapat saktan…*

*Ang mga mamamayan ng Ilia ay magbabayad ng buwis na Jizia (buwis ng pamumuno na nasa ilalim ng pangangalaga sa pamamahala ng Muslim; ibinabayad para sa pagsasagawang kapakanan ng mga mamamayan at hindi nais na maglingkod sa sandatahang lakas) bilang naninirahan sa mga lungsod…"*

*Sinuman ang nais na umalis ay pagkakalooban ng kaligtasan para sa kaniyang buhay at ari-arian hanggang marating niya ang ligtas na kanlungan. Sinuman na nais manatili ay magagawa ninuman at may kaligtasan, dahil sa ganitong dahilan siya ay magbabayad na katulad ng ibinabayad ng mga mamayan ng Ilia'. Kung mangyayari na sinuman sa mga mamamayan ng Ilia ay nais na lumisan na dala-dala ang kanilang mga aria-arian kasama ang mga Romano at alisin ang kanilang mga simbahan at mga krus, silay pagkakalooban ng kaligtasan para sa kanilang buhay, ang mga simbahan at mga krus, hanggang sa dumating sila sa kanilang pook na kanlungan. Sinuman na nais manatili ay magagawa nila, at kung sinuman na bumalik sa kanilang tahanan sa kanilang kamag-anak ay magagawa nila. Walang anuman na kukunin sa kanila hanggang sa ang kanilang mga pananim ay maani na. Ang laman ng kasunduang ito ay ipinagkaloob ng Kasunduan ng Allah, ang katiyakan ng Kaniyang Sugo, ang mga Kalipa at Mananampalataya, kapag sila [mamamayan ng Ilia] ay magbabayad ng kanilang dapat bayaran [buwis na Jizia]."*

Ang mga Saksi ay ang mga sumusunod: Khalid Ibnul–Waleed, Abdur-Rahman Ibn 'Auf, Amr Ibnul-'Aas at Mu'awiya Ibn Abi –Sufian Ginawa at ipinatupad sa ika 15 taon AH